SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Tomo 3 Bilang 3 | Hulyo-Setyembre 2016

# CARD Banking Group, ika-anim na beses nang BSP Outstanding Financial Inclusion Awardee

ni **RECY PAGADUAN**

**Ang *banking group* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang organisasyong para sa pagpapaunlad ng lipunan, ay muling naparangalan ng Outstanding Financial Award sa ika-anim na pagkakataon sa *Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) 2016 Awards Ceremony and Appreciation Lunch for Stakeholders.* Ito ay ginanap noong Hulyo 13, 2016 sa BSP Assembly Hall, BSP Complex, Manila na may temang *"Sustained Partnership, Sustained Economic Growth".***

Ang taunang kaganapang

▸ 2




*Tinanggap ng Executive Members ng CARD MRI ang pagkilala bilang Outstanding Financial Insclusion Awardee mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas.*

**EDUKASYON**
BEN Scholar, pasado sa ALS ▸ 10

**KALUSUGAN**
Community Health Fairs ▸ 12

**PANGKABUHAYAN**
Bato ang ikinabubuhay ▸ 13







# Sen. Bam Aquino, bumisita sa CARD

ni **RECY PAGADUAN**



*Bumisita si Sen. Bam Aquino sa head office ng CARD MRI sa San Pablo City, Laguna.*

Binisita ni Sen. Paolo "Bam" Aquino IV ang CARD Mutually Reinforcing Institution (CARD MRI) sa San Pablo, Laguna noong Hulyo 11, 2016 at muling binalikan ang kaniyang mga naging karanasan sa pagtulong sa mga pamilyang kapos sa buhay kasama ang nasabing institusyon.

Sa kaniyang talumpati, napuna ng senador na kahit marami na ang nagbago, ang kagustuhan ng CARD na tumulong sa mga pamilyang Pilipino ay nagpapatuloy at nananatili pa rin. Binalikan niya ang unang beses na pagbisita sa CARD kung saan ay mayroon pa lamang noon na walong institusyon. Sa ngayon, ang organisasyon ay mayroon nang 14 na institusyon na nagtutulungan upang makamit ang kanilang layunin na pawiin ang kahirapan sa bansa.

Sa tatlong taon niyang panunungkulan, sinuportahan ni Sen. Aquino ang *microfinance work* upang tulungan ang mga pangangailangan ng mga Pilipino sa kanilang mga negosyo. Ayon sa kaniya, hindi nawawala ang kaniyang interes sa pagtulong sa mga negosyanteng Pilipino. Sa katunayan, pinangunahan niya ang paglulunsad ng San Pablo Negosyo Center sa parehong araw nang kaniyang binisita ang CARD MRI. Ang San Pablo Negosyo Center ang ika-253 Negosyo Center sa bansa na sumusuporta sa pagpapabuti pa ng *micro, small,* and *medium enterprises* (mSMEs). Nagbukas ang mga Negosyo Center simula pa noong Nobyembre 2014 na naglalayon na tulungan ang mSMEs na lumago.

Nabanggit din ni Sen. Aquino na sa pakikipagtulungan

▸ 3

# CARD MRI nanguna sa online crowdsourcing para sa mga programang pang-edukasyon

ni **RAFFY ANTES**

Inilunsad ng CARD Mutually Reinforcing Institution (CARD MRI) noong Hunyo 2016 ang isang *online initiative* na mas lalo pang magpapalawig ng adbokasiya nito na pawiin ang kahirapan sa pamamagitan ng edukasyon.

Ibinahagi ni Pauline Landicho, ang deputy director ng CARD MRI Resource Mobilization Unit, na kanilang napagdesisyunan na pataasin ang kayang ilaan ng Web 2.0 lalo na sa mga potensyal na magbibigay ng donasyon. Idinagdag pa niya na makatutulong ang inisyatibo sa pag-abot sa mga pamilyang kapos sa ating bansa.

**ANG ZERO DROPOUT PROGRAM**

Ayon kay Deputy Director Landicho, ang Zero Dropout Program lamang ang magiging benipisyaryo ng inisyatibo. Isa ito sa mga programang pang-edukasyon ng CARD MRI na maaaring makapagbigay sa mga bata na nasa elementarya ng daan sa abot-kayang *loans* at makakuha ng *basic education*.

Naka-base ang programa sa 2012 na datos ng Philippine Statistics Authority sa dami ng mahihirap na pamilya sa Pilipinas. Ipinapakita sa datos na mayroon pang nasa higit 80,000 na mahihirap na pamilya sa bansa. Sa pamamagitan ng mga kaloob at donasyon na ibinibigay ng mga sumusuporta rito, ang Zero Dropout Program ay nabuo noong 2011. Sa ngayon, ang programa ay nakapagbigay na ng suporta sa nasa 250,000 kabataan sa kanilang landas patungo sa magandang bukas.

Minsan nang sinabi ni Washington SyCip, ang nagtatag

▸ 3

# CARD MRI pinangunahan ang international study visit ng mga coop at mutual insurers

ni **RAFFY ANTES**




*Unang hanay, mula kaliwa papuntang kanan: CARD MBA General Manager May Dawat, CARD MRI Founder and Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip, at AOA Chair and President Tamotsu Shozui.*

Bay Laguna – Nanguna ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa pagpapaunlak ng *international study visit* ng mga kooperatiba at *mutual insurance companies* mula sa Asya at Oceania. Hindi bababa sa 22 delegado mula sa Hong Kong, Japan, New Zealand, Sri Lanka, Thailand, Pilipinas, at United Kingdom ang dumalo sa *study visit*.

"Ang CARD MBA na isang sangay ng *microinsurance* ng CARD MRI, ay naging *member-organization* ng Asia and Oceania Association (AOA) mula pa noong 2004; at para manguna sa ganitong klaseng pagsusumikap ay tunay na pribilehiyo," pahayag ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at managing director. Dagdag pa niya na nagagalak ang CARD MRI na makapagbigay nang maayos na pakikitungo at pakikibagay sa mga delegado na higit pa sa inaasahan.

Ang mga *study visit*, mga importanteng pagpupulong, at mga seminar ay ilan lamang sa mga regular na isinasagawang aktibidad ng AOA upang maisulong ang *cooperative insurance movement,* pagkakaibigan, at mga higit na pagpapalitan ng oportunidad mula sa mga miyembro nito.

Isa lamang ang AOA sa

▸ 6

# CARD, Inc., Gawad MFI Awardee

ni **RECY PAGADUAN**



*Pinarangalan ng Land Bank of the Philippines (LBP) ang CARD, Inc. ng Gawad MFI award dahil sa mga programa nito upang labanan ang kahirapan.*

Tumanggap ang CARD, Inc., isa sa mga institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ng Gawad MFI mula sa Land Bank of the Philippines (LBP) dahil sa hindi matatawarang pagsisilbi at paghahatid nito ng mahahalagang programa sa mga pamilya na kapos sa buhay.

Iginawad ng LBP ang parangal sa isang simpleng selebrasyon noong ika-2 ng Setyembre, taong kasalukuyan sa CARD MRI office sa M.L. Quezon St., City Subdivision, San Pablo City, Laguna.

Inilunsad ang Gawad MFI upang kilalanin ang mga kasama ng LBP sa pagsuportang pinansiyal at pagsasaayos ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng *microfinance loans* sa mga miyembro nito.

Nagbibigay ng pinansiyal na tulong ang CARD, Inc. sa pamamagitan ng pag-aalok ng pautang sa mga *micro* at *small business* at pagbibigay sa mga kliyente nito ng pagkakataon na makaipon para sa sarili nilang kapital. Habang ang LBP naman ay nagbibigay ng *retail financing* sa Microfinance Institutions (MFIs) sa pamamagitan ng *credit line facility* (halaga ng utang na iginagawad sa umuutang).

Ang vice president ng Southern Luzon Lending Group na si Filipina B. Monje, kasama ang department manager na si Alex Hinojosa, at account officer mula sa LBP na si Raquel Bunzo ang naggawad ng parangal sa CARD, Inc. Habang sina Deputy Executive Director for Finance and Admin na si Jocelyn D. Dequito, Deputy Executive Director for Operations Vicente P. Briones, Senior Operations Director Juliana B. De Leon, Finance Director Lousel E. Cortes, at Deputy Director - Treasury Marie Sharon D. Roxas, LBP San Pablo Branch Department Manager Marcelina U. Babaan ay naroon din sa pagdiriwang.

Ang mga *microfinance cooperative* at *non-government organization* na mayroong *perfomance period* sa loob ng limang taon ng *microfinance operation* ang nararapat na lumahok na MFI.

Noong 2014, ang CARD Bank, na isa pa sa mga institusyon ng CARD MRI, ay nagawaran din ng parangal bilang isa sa mga bukod-tanging *rural bank* sa *national category* at Best CFI Availer of Agri-Agra Loans. Ngayong taon, nagawaran naman ang CARD, Inc. ng Most Outstanding MFI sa *regional level*.

Sa isang panayam, sinabi ni CARD, Inc. President at Executive Director na si Flordeliza Sarmiento na pinasasalamatan nila ang Land Bank para sa pagkilala. Ayon pa sa kaniya, ang mga ganitong klase ng parangal ang magbibigay ng inspirasyon sa kanila na lalo pang tumulong sa mga kapos na pamilya.

Sa ngayon, tumutulong ang CARD, Inc. sa mahigit 1.3 milyong kliyente at patuloy pa itong lumalawak upang maabot ang malalayong lugar sa bansa.

# Mga miyembro ng CARD MRI na naapektuhan ng Habagat, nakatanggap ng ayuda

ni **JEFFREY TANDINGAN**

Mahigit sa walong libong pamilya ang nahatiran ng CARD Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) *relief packs* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) upang magbigay ng pangunahing pangangailangan sa mga miyembro nito sa paghagupit ng Habagat na naglubog sa maraming bayan sa kamaynilaan at sa hilaga at gitnang Luzon.

Ang probinsiya ng Pampanga ang higit na naapektuhan nang walang tigil na pag-ulan kung saan 3,039 na miyembro ng CARD MRI at pamilya nito ang nalubog sa baha. Ang Bulacan naman ay mayroong 1,743 kliyenteng naapektuhan samantalang 1,282 naman sa Pangasinan. May kabuuang 2,621 kliyente naman ng CARD MRI ang naapektuhan mula sa NCR at mga probinsiya ng Rizal, Bataan, Tarlac, Zambales, Abra, Ilocos Sur, at Benguet. Nakatanggap sila ng dalawang kilong bigas, mga de lata at mga gamot na maaari nilang magamit habang hindi pa humuhupa ang malawakang pagbaha sa kanilang lugar.

Sa pakikipagtulungan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), BotiCARD, at Community Development Group ng CARD MRI, naghahatid ang CARD MRI ng CDRAP upang makapagbigay ayuda sa mga kliyente nito na nasalanta ng kalamidad. "Nais naming mabilis silang makabangon mula sa epektong iniwan ng anumang kalamidad na dumating," banggit ni CARD MRI Disaster Management Chairperson Marilyn M. Manila.

Ang walang patid na malakas na pag-ulan ang nakaapekto sa kabuhayang pinagkukunan nang maraming pamilya sa Luzon. "Nagpapasalamat ako sa ayudang ibinigay ng CARD. Malaking tulong ito dahil ang aming pang araw-araw na pinagkukunan ay labis na naapektuhan dahil sa masamang panahon," banggit ni Estrelleta Fernandez, isang kasapi ng CARD sa Calasiao, Pangasinan. Ang kanilang bahay at ang kanilang kabuhayan ay apektado nang malawakang pagbaha. Isa sa bahaing bayan ang Calasiao dahil na rin mababa ang nasabing bayan at ito ang sumasalo sa tubig-ulan na nanggagaling sa matataas na karatig-bayan at probinsiya.

"Ito ang mga pagkakataong hirap na maghanap-buhay ang ating mga kababayan dahil sa kalamidad. Nangangako ang CARD MRI na magiging handa sa lahat ng panahon upang umagapay sa mga mahihirap na komunidad na naapektuhan ng kalamidad sa pamamagitan ng CDRAP, *stress debriefing, health missions,* at iba pang produkto, at serbisyong makatutulong upang sila ay mabilis na makabangon sa matinding epekto ng kalamidad," ani Manila.

# CARD Banking Group... ◂ 1

ito ay nasa ika-13 taon na ng pagbibigay-kilala sa mga *stakeholders* na patuloy na sumusuporta sa BSP at sa kampanya nitong palawigin ang partisipasyon sa *formal banking system* ng mga pamilyang may kahirapan sa estado ng kanilang buhay.


Ang *banking group* ng CARD ay binubuo ng CARD Bank, Inc., CARD SME Bank, Inc., at Rizal Bank, Inc. na may iisang layunin sa tuntunin ng *financial inclusion* o pag-iimpok kahit sa maliit na halaga.

"Ang tanging nais namin ay makatulong sa mga pamilyang kinakapos na makaahon mula sa kahirapan. Isang biyaya ang tumanggap ng ganitong klaseng pagkilala at isa rin itong patunay na tama ang aming tinutungong adhikain," ayon sa CARD MRI Founder at Managing Director na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Ang pagtitipon ay dinaluhan ni Dr. Alip kasama sina CARD SME President Aristeo Dequito, CARD Bank Senior Adviser and Vice Chairperson, Dr. Dolores Torres, CARD, Inc. Executive Director Flordeliza Sarmiento, CARD Inc. President and Executive Director Elma Valenzuela, CARD SME Bank Board of Director (BOD) Vice-Chairperson Mary Jane Perreras, at CARD Bank President Marivic Austria.

"Itinuturing namin ang *financial inclusion award* mula sa BSP na isang malaking tagumpay para sa buong CARD MRI. Kami ay lubos na nagpapasalamat na maparangalan. Ito ay isang inspirasyon para maipagpatuloy ang pagpapatupad ng mga produkto at serbisyong *financial inclusive* para sa mga kliyente.

Sa ngayon, ang CARD MRI ay nagsisilbi sa mahigit tatlong milyong kliyente na tatlong dekada na ring parte ng institusyon sa paghahandog ng mga programang may benipisyo at serbisyo para sa mga mahihirap.

# CARD LFC pasok sa listahan ng mga kilalang kompanya ng finance at leasing sa bansa; naging miyembro din ng Board of Director ng PFA

ni **JEFF TANDINGAN**

Napabilang sa mga kilalang kompanya ng *finance* at *leasing* sa bansa ang CARD Leasing and Finance Corporation (CARD LFC), ang ika-11 miyembrong institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

Sa isinagawang pag-aaral kamakailan ng Philippine Finance Association (PFA) sa lahat ng kasapi nito sa taong 2015, ika-20 ang CARD LFC pagdating sa *asset*; ika-18 sa *gross income*; ika-17 sa net income; ika-22 sa *paid-up capital*; ika-22 sa *equity*; ika-20 sa *total liabilities*; ika-22 sa *loans and other receivables*; at ika-17 sa *lease receivables.* Sa kabuuan, pasok sa ika-20 posisyon ang CARD LFC sa mga kompanya ng *finance* at *leasing* sa bansa.

Ang PFA ang pinakamalaki at pinakamatagal na organisasyon sa bansa na binubuo ng mga kompanyang may lisensiya o may pahintulot na magpatakbo ng isang kompanya bilang *leasing* at *finance companies*. May 60 kasaping institusyon ang PFA na mayroong lisensiya mula sa *Quasi Bank* at *Non-Quasi Bank* at karamihan sa mga ito ay nakabase sa kamaynilaan. Ilan sa mga naglalakihang miyembo ng PFA ay ang Metrobank Card, ORIX Metro, Land Bank Leasing, PNB Leasing, Toyota Financials, at BDO LFI.

Naging miyembro ang CARD LFC sa nasabing organisasyon noong 2015 at napabilang naman bilang isa sa mga miyembro ng Board of Directors na pinangatawanan ni CARD LFC President at CEO Julius Adrian Alip noong Hulyo 2016. Ayon kay Alip, "Ibinoto ang CARD LFC at nabigyan ng pagkakataong i-representa ang mga nagsisimula pa lamang na mga pampinansiyal na kompanya. Napili nila ang CARD LFC dahil kabilang ito sa CARD MRI Group na pinaniniwalaan kong may magandang adhikain para sa ating mga kababayan."

"Ang pagkakabilang ng CARD LFC sa listahan ay hindi namin inaasahan ngunit ito ay lubos naming ipinagmamalaki. Tatlong taon pa lamang na institusyon ang CARD LFC bilang *leasing* at *finance company* at marami pang matututuhan mula sa pinakamagagaling sa industriya. Ang tagumpay na ito ay ang aming karagdagang motibasyon upang mas pagbutihan pa ang aming serbisyo sa aming mga kliyente," ani Alip.

Ang CARD LFC ay kabahagi sa misyon ng CARD MRI na sugpuin ang kahirapan sa bansa. Nilalayon nitong suportahan ang mga *graduated microentrepreneur* na kliyente ng CARD MRI at mga negosyong may magandang layunin sa pamamagitan ng dekalidad at abot-kayang produkto at serbisyong pampinansyal.

Sa pakikipagtulungan ng CARD-Business Development Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI) at ng buong CARD MRI Group, ang CARD LFC ay nakapokus sa pag-agapay sa mga *graduated microentrepreneurs* upang mas mapabilis pa ang pag-unlad ng kanilang negosyo. Sumusuporta rin ang CARD LFC sa mga mahihirap na komunidad gayundin sa mga MSME's na mayroong kakayahan na makapagdagdag ng trabaho o pangkabuhayan sa bansa. Isa sa mga ginagawa ng CARD LFC tungkol sa kanilang "*impact related portfolio*" ay ang pagtulong sa aspetong pampinansyal sa mga *social enterprises* na nagbabahagi ng malinis na maiinom na tubig sa mga komunidad at pagbibigay-ilaw sa tulong ng solar sa mga bara-barangay.

Ayon naman kay CARD LFC Deputy Director Rodessa Burgos, itinuturing ng CARD LFC na pinakamalaking tagumpay ang makita nila ang bawat pamilyang kanilang tinutulungan na nagtatagumpay. Aniya, "Ang kanilang tagumpay ay sumasalamin sa matibay na layunin ng CARD LFC na matulungan ang bawat pamilyang kanilang natutulungan na makaahon sa kahirapan."

## Sen. Bam... ◂ 1

ng bagong Department of Trade and Industry (DTI) Secretary na si Ramon Lopez (at dating executive director ng Go Negosyo), bubuo ang DTI ng sandata na magsisilbing *frontline service organization* para sa *micro and small enterprises.* Kaniyang idinagdag na lalo pa nilang palalakasin ang mga Negosyo Center pagdating sa *financing*, *marketing,* at *business development;* sa pamamagitan nito ay patuloy na lalakas ang suporta para sa mga kasamang institusyon.

Habang ang gobyerno ay maaaring makapagbigay ng plataporma, ang sistema ng pribadong sektor at non-government partners ay maaaring makapagpataas ng kita ng mga Negosyo Center at mga miyembro nito, dagdag pa niya.

Ibinahagi rin ng senador na kaniyang hinahangad na makuha ang *chairmanship* ng Senate Committee on Education. Tututukan niya ang reporma sa K-12 kurikulum, na ayon sa kaniya ay huhubog sa kabataan pagdating sa edukasyon, pero idiniin niya na tinututukan din ng kaniyang trabaho ang pagsuporta sa *tertiary level education* at higit pa. Kaniya pang idinagdag na tututukan din niya ang pagbibigay ng mga oportunidad sa mga *out-of-school youth* sa bansa.

Ayon sa founder at managing director ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, muli na naman siyang nabigyan ng inspirasyon ni Sen. Aquino sa plano na lalo pang itaguyod ang buhay ng mga Pilipino. Idinagdag pa niya ang kaniyang pagsang-ayon sa senador na ang edukasyon at negosyo ay mahalagang bahagi ng pagpapabuti ng buhay ng mga Pilipino sa bansa, at malaki ang papel na ginagampanan ng gobyerno at mga pribadong organisasyon upang makamit ito.

Patuloy ang pagtulong ng CARD MRI sa mga mahihirap na Pilipino simula pa noong 1986. Nagbibigay ito ng mga programa at serbisyo katulad ng *financial services* para sa mga mSMEs, *microinsurance*, edukasyon, at pagpapabuti ng komunidad. Nagsasagawa rin ang institusyon ng mga conference at seminar na mas lalo pang magpapalakas sa mga mSMEs sa bansa. Mayroon na itong nasa 3.9 milyong pamilya na naabutan ng tulong.

## Online crowdsourcing... ◂ 1

ng W.S. Family Foundation at tumulong din sa CARD MRI na mabuo ang programa, na malaking hamon ang pagkamit ng Zero Dropout Rate sa edukasyon pero ito ay kinakailangang solusyunan. Habang tinatamasa ng Pilipinas ang paglago ng ekonomiya, marami pa ring mga Pilipino ang naghihirap.

Naisip ng CARD MRI na marami pa rin ang kailangang gawin upang mapabuti ang buhay ng mga nasabing pamilya. Ayon pa rin kay Landicho, kung magkakaroon ng isang disente at matibay na bahay, mas mapapalapit sa pagbabago ang isang pamilya. Sa ngayon, hindi lamang sinusuportahan ng programa ang *education loan program*, kasama na rin ang *housing loan*.

Upang maisakatuparan ito, ang CARD MRI ay patuloy na nakikipagtulungan sa mga kaparehong organisasyon at mga indibidwal na ayon kay Landicho ay mayroong parehong layunin ng pagbabago. Dagdag pa ng deputy director na sa pamamagitan ng *offline initiative,* nagawa nilang himukin ang mga indibidwal at organisasyon na nagpalakas naman ng kanilang pagsisikap.

**ONLINE INITIATIVE**

Ayon kay Marilyn Manila, director ng Community Development Group ng CARD MRI, ang *offline initiative* ng programa ay naging matagumpay, ngunit kanilang napagtanto na maaaring mayroong mga indibidwal, lalo na ang mga hindi naaabot ng *offline initiative*, na interesado na suportahan ang ganitong uri ng adbokasiya.

Ayon pa kay Director Manila, ang programa ay nagkaroon na ng mga taga-suporta, pero naniniwala sila na marami pa rin ang nagnanais na maging bahagi ng kanilang adbokasiya. Dagdag pa niya na nais nilang isama ang publiko at ang pinakamainam na paraan upang gawin ito, ay sa pamamagitan ng *online*.

**PAANO MAKATUTULONG**

Ang *crowdsourcing site* na *www.cardmri.com/zerodropout* ay katulad lamang ng ibang *crowdsourcing site* kung saan nangangailangan ang isang tao na mag-rehistro o gumawa ng isang *account*, pero optional lamang ang *personal account registration* para sa mga nais na magbigay donasyon.

Kinakailangan din na mayroong *online bank account* ang isang potensyal na magbibigay ng donasyon para sa mas mabilis at madaling pagbibigay ng donasyon. Kung wala naman, maaari itong i-deposito sa bangko o direktang makipag-ugnayan sa *key person* na makikita sa "*contact us*" page upang pag-usapan ang pinakamadaling paraan ng pagbibigay ng donasyon.

Ayon kay Director Manila, madali lamang ang *account registration* at ang proseso ng pagbibigay ng donasyon, na aabutin lamang nang nasa limang minuto para gawin.


Ang pinakamaliit na halaga na maaaring ibigay ay PhP1,000.00; ang pinakamalaki naman ay PhP50,000.00. Kung mas mababa naman sa *minimum* at mas mataas sa *maximum*, maaari naman ito, basta direkta lamang makipag-ugnayan sa Resource Mobilization Unit sa pamamagitan ni Deputy Director Landicho.

Maaari ding isama ng donor ang kanilang pangalan sa site ng programa, pero maaari din namang hindi at piliin na lamang ang probinsya kung saan mapupunta ang kanilang donasyon.

Ibinahagi ng founder at managing director ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang kaniyang kasiyahan dahil ito ang kauna-unahang *online fund drive,* at umaasa siya na makakukuha pa ito ng mas maraming donor.

Ang Zero Dropout Program ay bahagi rin ng programa ng CARD MRI na One Family, One Graduate. Pagsisikap ito ng

▸ 5

# BALITANG PANREHIYON

LAOAG, ILOCOS NORTE



### CARD Bank, mas pinalawak ang serbisyo sa mga Ilocano

Binuksan ng CARD Bank ang ika-73 sangay nito sa Laoag, Ilocos Norte nito lamang Setyembre bilang bahagi ng misyong matulungan at maabot pa ang maraming pamilyang Pilipino.

▸ 4

SAN PABLO, LAGUNA



### CARD MRI, naglunsad ng pinakaunang local history book; San Pableños, bumida

Naglunsad ang CARD Mutually Reinforcing Institutions ng pinakaunang *local history book* na pinamagatang "History of San Pablo: Reviewed, Rewritten, and Retold" sa Museo San Pablo, Capitol Compound sa San Pablo City, Laguna noong July 18, 2016.

▸ 5

SAN PABLO, LAGUNA




### CARD MRI Plastic Bottle Drive, sumusuporta sa kalikasan at edukasyon

Naglunsad kamakailan lamang ang CARD Mutually Reinforcing Institution (CARD MRI) ng Plastic Bottle Drive

▸ 5

DAVAO CITY



### CARD MRI, pinalakas ang suporta sa paglaban sa kahirapan

Nagsagawa ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng ikalawang CARD MRI Admin Summit sa Davao City upang mas palakasin at himukin ang mga tauhan nito sa pagtatag ng mas maunlad na sambayanan. Ang organisasyon, sa pamamagitan ng *training institute* nito na CARD-

▸ 7

GENERAL SANTOS CITY



### Pinakaunang CARD SME Bank branch sa Mindanao, binuksan

Nagbukas ang CARD SME Bank na thrift bank ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng bagong sangay para sa mga

▸ 6

## Serbisyo sa mga Ilocano... ◂ 4

"Mas pinalalakas pa namin ang presensiya ng CARD Bank sa hilagang bahagi ng Luzon upang makapaghatid ng serbisyong pambangko sa aming mga kliyenteng kadalasan ay mula sa mga hindi pa nagkakaroon ng *access* sa mga produkto at serbisyong pambangko," pagbabahagi ni Marivic Austria, presidente at CEO ng CARD Bank.

Dagdag pa ni Austria na kahit maunlad na ang Laoag at marami ng bangkong nakatayo rito, marami pa ring mga kliyente ng CARD na naninirahan sa malalayong bahagi ng lungsod na wala pang nagagawang transaksiyon sa isang bangko kung kaya't ito ay pinapasok pa rin ng CARD Bank.

Nagsimulang magpalawig ang CARD Bank sa rehiyon ng Ilokos noong 2015 at ang pinakabago nitong sangay sa Laoag ay ang ikapito sa rehiyon. Ang iba pang sangay na matatagpuan sa nabanggit na rehiyon ay nasa Lingayen, San Carlos, Urdaneta, San Fernando, Alaminos, at Candon.

Ang sangay nito sa Laoag ay maghahatid ng serbisyo sa humigit-kumulang 950 miyembro nito sa pamamagitan ng *loan* at *savings products* at *remittance services*.

Ang mga nasabing miyembro ay mula sa CARD, Inc., isang *microfinance NGO* at kasaping institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Ang mga miyembrong ito ay nahubog na ang disiplina bilang mga miyembro at naihanda na ng CARD sa mga produkto at serbisyong pambangko.

"Bilang isa ring kasaping institusyon ng CARD MRI na naglalayong matulungan ang mga nangangailangang pamilya, ang mga produkto at serbisyo ng CARD Bank ay dinisenyo rin upang matulungan ang mga pamilya na makaahon sa kahirapan," ani Austria.

Ang produktong *loan* at *savings* ng CARD Bank ay naaayon sa pangangailangan ng mga miyembro nito. Maliban sa mga ito, ang CARD Bank ay naghahatid din ng edukasyong pampinansyal sa mga kliyente nito upang matutuhan nilang mag-*invest* nang tama tulad ng sa kalusugan, edukasyon, o kaya naman sa pagnenegosyo.

Sa listahang inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) noong Marso 2016, 36.5% o 596 na lungsod at munisipalidad sa bansa ang hindi pa natatayuan ng bangko: 175 mula sa Luzon; 177 sa Visayas; at 244 sa Mindanao.

"Kahit kaliwa't kanan na ang mga nakatayong bangko sa bansa, marami pa rin ang bilang ng Pilipinong walang *access* sa serbisyong pambangko dahil sa kalayuan ng mga ito. Sisiguraduhin naman ng CARD Bank na ang mga kliyente nito na nainirahan sa mga tagong lugar ay maaabutan ng serbisyo," saad ni Austria.

Ibinahagi rin ni Austria na malapit na ring buksan ang sangay nito sa Bangued, Abra. "Kasabay ng pagpapalakas ng presensiya ng CARD Bank sa Norte, magbubukas din ang bangko ng pito pang sangay sa Mindanao, anim sa Visayas, at tatlo sa Timog Luzon bago magtapos ang 2017 upang mas mapalakas pa ang *financial inclusion* sa bansa," dagdag pa ni Austria.

Dinaluhan ang nasabing pagbubukas ng mga haligi ng kompanya, mga tagapamahala, kawani, at mga miyembro nito.

Batay sa pinakabagong datos, ang CARD Bank ay nagsisilbi sa 1.9 na milyong kliyente. Kinilala rin ang CARD Bank na *hall of fame awardee* para sa *financial inclusion* ng BSP. ***Jeff Tandingan***

Nais mo rin bang i-bida ang iyong

**REHIYON?**

Magpadala sa amin ng balita sa mga kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.

## Local History Book...

◂ 4

Ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, *managing director* ng CARD MRI, noong 1986, sa San Pablo City unang itinatag ang CARD MRI kaya naman ito ang sentro ng una nitong *book project*.

Dagdag pa ni Dr. Alip na sa simula, naisip ng CARD MRI na magbuo ng isang *tour program* upang makuha at maibahagi ang pamana at kultura ng San Pablo City. Kaya naman itinatag ng CARD MRI ang "Hijos de San Pablo: Seven Lakes and Beyond Tour" noong 2013.

Makalipas ang ilang taon, sa tulong na rin ng kanilang konsultant na si Maria Karina Garilao at Randolf de Jesus, kanilang napagpasiyahan na tama lamang at panahon na upang ilagay ang lahat ng kanilang nadiskubre tungkol sa San Pablo City sa isang libro. Ayon pa rin ito kay Dr. Alip nagagalak sila na sa wakas, nailabas na ang pinakaunang edisyon.

**Ang libro at mga may-akda**

Anim na makukulay na kuwento ang itinatampok sa libro. Si Nicholas Michael Sy, mula sa Ateneo de Manila, ay nagbigay ng kaalaman sa kung paano sinuportahan ng industriya ng niyog ang pagpapaunlad ng San Pablo City. Isinulat naman ni Maria Karina Garilao, bihasa sa *heritage conservation*, ang mahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan sa lokal na lipunan. Ipinakita naman ni Dr. Francisco Gealogo, *associate professor* sa Ateneo de Manila University ang hamon sa demograpiko na kinaharap ng San Pablo na nakaapekto sa anyong populasyon ng San Pablo.

Dagdag pa rito, tinutukan nina Dr. Armando de Jesus, dating *vice rector for academic affairs* ng UST, at Cynthia Rivera, dating *director ng center for cultural studies* ng UST ang papel na ginampanan ng relihiyon sa paghubog sa kasaysayan ng San Pablo City. Habang tinalakay naman nina Rhina Alvero-Boncocan at Eileen Meneses na parehong *assistant professor* sa UP Los Baños ang tungkol sa paghiram ng pera, labis na pagpapatubo nito, at *land ownership* sa San Pablo City. At sa huli, binigyang-diin ni Dr. Alip ang ginampanan ng CARD MRI sa nakaraan.

Naglalayon ang libro na makatulong at magamit ng mga estudyante ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) sa Bay, Laguna, at sa mga paaralan sa San Pablo City at mga kalapit-bayan.

**Lokal na kasaysayan**

Ayon sa Filipino na historyador na si Dr. Henry Funtetcha sa isang *online article* na ang lokal na kasaysayan ay inaasahan na malapit sa puso at kamalayan ng mga tao dahil sumasalamin ito sa kanilang pagkakakilanlan, mga karanasan, at mga pangarap.

Dagdag pa ng isa sa mga may-akda ng libro na si Dr. Gealogo ang pagbibigay-puri nito sa CARD MRI sa paglimbag ng isag libro tungkol sa lokal na kasaysayan, dahil isa ito sa mga mainam na paraan upang mamulat ang lokal na komunidad sa kanilang pagkakakilanlan at sa kanilang halaga.

Isa sa mga kalakasan ng libro ay maaari itong pagkunan ng kasaysayan. Ang pinagmulan ng San Pablo City noon pang ika-16 na siglo hanggang sa bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay sinuri. Ito ay ayon pa rin kay Professor Gealogo.

Dagdag pa niya na kahit na nakatutok ang mga sanaysay sa San Pablo City, lahat ng mga ito ay tumalakay rin sa lokal na kondisyon sa pamamagitan ng pagtatalakay sa mas malawak na konteksto sa parehong *national* at *international level.*

**Ang paglulunsad**

Ayon sa alkalde ng lungsod na si Loreto Amante, ang kasaysayan ng San Pablo City ay kinakailangan na muling ikuwento nang paulit-ulit. Hinimok din niya ang publiko na basahin ang libro upang mapukaw sa narating ng siyudad.

Ang ilan sa mga unang kliyente ng CARD MRI, na mga taga-san Pablo rin, ay dumalo sa pagtitipon. Si Nanay Paz Arcena, 81 taong gulang at miyembro ng CARD MRI sa loob ng 25 taon, ay nagpaabot ng kaniyang taos-pusong pasasalamat sa institusyon dahil sa pagkakasama at pagkakalimbag ng kaniyang kuwento sa libro. Ayon kay Nanay Arcena, "Nakatutuwang isipin na naging parte ang aming mga kuwento sa paglilimbag ng librong ito."

Tatlong daang kopya ng libro ang ipinamigay sa paglulunsad nito. Sa lahat ng mga nagnanais na magkaroon ng kopya, maaaring makakuha nito sa CARD MRI main office sa City Subdivision, San Pablo City at sa kanilang *college campus* sa Bay, Laguna.

Ibinahagi ni Dr. Alip na upang mas magkaroon ng malalim na pang-unawa sa iyong sarili, kinakailangan maintindihan mo muna ang iyong pinagmulan.

Personal na pinasalamatan ni Dr. Alip ang mga tumulong sa pagbuo ng libro - ang namayapa nang si Randolf de Jesus na nagsimula ng pinakaunang pananaliksik at konsepto ng libro, mga miyembro ng CARD MRI, mga mahahalagang tao ng San Pablo City, ang San Pablo City Tourism Office, mga tauhan ng CARD MRI, at ang mga manunulat at mananaliksik.

Naroon din sa paglulunsad ng libro ang mga *executive committee members* ng CARD MRI, *management*, mga tauhan at kliyente, mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng San Pablo City , mga kinatawan ng mga paaralan ng San Pablo, at piling mamamayan ng San Pablo. ***Raffy Antes***




*Ang* **History of San Pablo: Reviewed, Rewritten and Retold** *ay maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.*

## Plastic Bottle Drive...

◂ 4

Project upang mapalawig ang adbokasiya sa pagbabawas ng kahirapan sa pamamagitan ng pangangalaga sa kalikasan kasabay nito ang pagbibigay ng edukasyon sa kabataan.

"Araw-araw nagdudulot tayo ng iba't ibang klaseng dumi na nakapipinsala sa kalikasan, kasama na rito ang mga bote na gawa sa plastik. Upang mabawasan ang matinding dulot nito, kailangan nating i-*recycle* ang mga plastik na bote dahil matagal matunaw ang mga sangkap nito," pahayag ni Mharra Sarmiento, Community Development Special Project Officer ng CARD MRI.




Layunin ng proyekto na maipaabot sa mga kawani at mga kliyente ang importansya ng pangangalaga sa kanilang komunidad, kalikasan at sa mga susunod pang henerasyon.

Ang perang makakalap mula sa pagbebenta ng bote ng plastik ay magsisilbing donasyon para masuportahan ang libo-libong estudyante sa bansa sa pamamagitan ng CARD MRI Zero Dropout Program.

**Ang Zero Dropout Program**

Ayon sa 2012 datos ng Philippine Statistics Authority, mayroon pa ring 80,000 mahihirap na pamilya sa bansa. Sa pamamagitan ng mga donasyon mula sa mga sumusuporta sa CARD MRI, nabuo ang konsepto ng Zero Dropout Program noong 2011. Sa ngayon, natulungan na ng programa ang hindi bababa sa 250,000 mga bata sa kanilang landas patungo sa magandang kinabukasan.

Mayroon ding website (*www.cardmri.com/zerodropout*) ang programa na maaaring tumanggap ng donasyon on-line. Kinakailangan lamang na mayroong *online bank account* ang potensyal na donor para sa madali at mabilis na transaksiyon. Kung wala naman, maaari pa ring magbigay ng donasyon sa pamamagitan ng pagdedeposito sa bangko o di naman kaya'y direktang makipag-ugnayan sa mga kinauukulang tao na matatagpuan sa "*contact us*" na bahagi ng website para mapag-usapan ang pinakamabisang paraan ng pagbibigay ng tulong.

Nagkakahalaga ng PhP1,000.00 ang pinakamababang donasyon at maaaring magbigay hanggang PhP50,000.00. Ang mga donasyong may halagang hindi aabot ng *minimum* at lalampas sa *maximum* ay maaari din naman kung ang donor ay direktang makikipag-ugnayan sa Resource Mobilization Unit sa pamamagitan ng Deputy Director, Pauline Landicho.

Kung nanaisin, maaari ding ipalagay ng donor ang kanilang pangalan sa website ng programa o di naman kaya ay tukuyin ng probinsiya na nais nilang bigyan ng kanilang donasyon.

Bahagi rin ang programang ito ng CARD MRI One Family, One Graduate Program. Adhikain ito ng CARD MRI na masigurado na sa bawat pamilya ay may isang makapagtatapos ng kolehiyo para makatulong na maitaguyod at mapabuti ang kalagayan ng pamumuhay ng kanilang pamilya. ***Araceli Reas***

## Crowdsourcing...

◂ 3

institusyon upang masigurado na bawat pamilya na pinagsisilbihan nito ay magkakaroon ng isang miyembro na nakapagtapos ng kolehiyo, na magiging daan naman sa pagkakaroon ng mas magandang buhay para sa buong pamilya.

Isang *social development organization* ang CARD MRI na tumulong sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa.

## CARD SME Bank... ◂ 4

Mindanaoan noong Setyembre 6, 2016 bilang bahagi ng pagtataguyod sa Pilipinas upang maging *financially inclusive* na bansa.

Ang pinakaunang Mindanao branch, na matatagpuan sa Upper Acharon, Brgy. Calumpang, General Santos City, ay ang ika-labimpitong sangay ng nasabing bangko. Ayon sa presidente at CEO na si Aristeo Dequito, tinututukan nila ngayong taon ang pagbubukas ng mas marami pang sangay sa Mindanao, Visayas, at hilagang bahagi ng Luzon.

Nakatutok ang layunin ng bangko sa pag-abot sa *micro*, *small*, at *medium enterprises* sa bansa. Dagdag ni Dequito na ang pag-abot at pagtutok sa merkadong ito ang magiging daan upang mas maunawaan nila ang kanilang layunin na wakasan ang kahirapan sa Pilipinas.

Nasa 2,300 ang pinakaunang mga kliyente ng bangko. Ang mga kliyenteng ito ang maituturing na magagaling at *prime clients* ng CARD, Inc. para sa *formal banking*. Ang CARD, Inc. ay isa sa mga miyembrong institusyon ng CARD MRI na nag-aalok ng *financial* at *non-financial services* sa mga tahanan na mayroon lamang mababang kita, at ihahanda sa hinaharap ang mga kliyente para sa pormal na *banking system*.

Ayon kay Dequito, bukod sa mga nasabing kliyente bukas din ang CARD SME Bank sa lahat na nagnanais na makinabang ng kanilang mga produkto at serbisyo.

Idiniin ni Dequito na ninanais ng CARD MRI na makapagtatag ng isang bangko na pagmamay-ari ng mga kliyente nito. Dagdag pa niya na milyong kliyente na ang nailipat sa *formal banking*. Kanila na rin umanong natupad ang kanilang pinapangarap 30 taon na ang nakalilipas pero kailangan pa nilang magpatuloy. Dagdag pa ni Dequito na marami pang mga pamilya na kapos sa buhay ang kailangan nilang maabot.

Ayon pa rin kay Dequito, nang makuha ng CARD MRI ang Rural Bank of Sto, Tomas (RBST) – na ngayon ay CARD SME Bank na – noong 2007, ilang taon din ang kanilang ginugol sa pagtutok sa mga lugar sa CALABARZON. Gamit ang kanilang pagpupursige at karanasan, dagdag ni Dequito na noong 2015, kanilang binuksan ang mga sangay sa labas ng kanilang *comfort zone*.

Sa ngayon, ang operasyon ng CARD SME Bank ay umabot na sa Dagupan, Bulacan, Subic, Bataan, Naga, at kamakailan lamang ay sa Lapu-Lapu sa Cebu, na pinakauna sa rehiyon ng Visayas, na nagsisilbi sa higit 32,000 kliyente.

Ipinaalam ni Dequito na magbubukas pa ng ibang mga sangay ang bangko sa Mindanao sa susunod na taon – sa Saranggani at Cagayan de Oro.

Sa pagbubukas, sinabi ni Dequito na handa na silang maglabas nang mas malaki pang halaga para sa pautang lalo na para sa mga kliyente na nangangailangan nito at hindi kayang matulungan ng *commercial banks*.

Kanila na umanong napag-aralan ang kanilang proseso na babagay sa mga pangangailangan ng mga kliyente. Dagdag pa ni Dequito na ang mahabang proseso ng pagkuha ng *loan* ang isa sa mga karaniwang isyu lalo na sa mga *micro*, *small* and *medium entrepreneur*.

Mayroong apat na *financial institutions* ang CARD MRI na magkakaiba depende sa mga inaalok na serbisyo. Para sa CARD SME Bank, ang isang kliyente ay maaaring makautang mula libo hanggang milyong piso na mayroong *competitive interest rate*.

Ang *car loan, house and lot loan*, at *business loan* na nagkakahalaga ng milyong piso ay ilan lamang sa mga serbisyo na inaalok sa mga kliyente.

Bukod sa mga pampinansyal na serbisyo, ang CARD SME Bank, sa pamamagitan ng *member institutions* CARD MRI, ay makakapagpaabot din ng mga serbisyo katulad ng *microinsurance*, pangkalusugan at pang-edukasyon na mga programa, mga pagsasanay, at iba pang *capacity-building* na mga serbisyo para sa mga kliyente nito.



*Ang pinakaunang sangay ng CARD SME Bank sa Mindanao, General Santos City Branch.*

Dumalo sa nasabing pagbubukas ang pamunuan ng CARD MRI, mga tauhan, at mga kliyente nito. Dumalo rin ang ilang mga kinatawan mula sa lokal na pamahalaan ng General Santos at pinaabot ang kanilang pagbati at pasasalamat dahil sa pagkilala sa kanilang siyudad na maging tahanan ng CARD SME Bank.

Matapos ang pagbubukas, nasa 100 kliyente ang dumagsa sa bangko at nagsimulang magbukas ng kanilang mga *account*.

Kamakailan din ay nagbukas ang CARD SME Bank ng pinakamalayong sangay nito sa Hilagang Luzon, ang Vigan Branch. Naaprubahan na rin ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang plano nitong pagpapalawig sa mga probinsiya ng Batangas, Cavite, Laguna, Palawan, at Zamboanga sa taong 2017. ***Raffy Antes at Jeff Tandingan***




## International Study Visit... ◂ 1

mga panrehiyong asosasyon ng International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF), na isa sa mga samahang dalubhasa ng International Cooperative Alliance (ICA)

**Perspektibo ng *microinsurance***

Ang pangunahing aktibidad ng *study visit* ay ang pagsisiyasat nang umuusbong na iba't ibang paraan at dinamika ng *microinsurance* sa Pilipinas, Asya at sa Pasipika.

"Dahil sa aralin ngayong taon, nagkaroon ng pagkakataong malaman ng mga kalahok ang iba't ibang perspektibo ng *microinsurance*," ayon kay Ginoong Tamotsu Shozui, AOA Chair at pangulo ng lupon ng direktor, Zenkyoren. Idinagdag pa niya na sumangguni rin sila sa mga dalubhasa sa industriya ng *microfinance* para sa komprehensibong mungkahi.

Ang Insurance Commission (IC) sa Pilipinas ay naghayag sa mga delegado ng mga polisiya at regulasyon ng *microinsurance* ng bansa sa pamamagitan ng Acting Division Manager na si Shayne Bulos.

Inihayag din ni Bulos sa grupo na higit-kumulang 31.1 milyong buhay at pag-aari ang nakaseguro sa taong 2014 kumpara sa 3.1 milyon at 19.8 milyon noong taong 2010 at 2012. Ayon pa kay Bulos, malaki ang itinaas pagdating sa mga produkto, serbisyo, at partisipasyon ng mga *insurance entity* sa bansa; kaniya ring idinagdag ang puspusang pag-unlad ng *microinsurance* sa bansa.

Bumida rin sa *study visit* ang *microinsurance model* ng CARD MRI sa pamamagitan ng CARD Mutual Benefit Association.

Pinangunahan ng CARD MBA ang 1-3-5 Day Target sa *claims settlement*. Ayon kay General Manager May S. Dawat, ang target na ito ang magsisigurado sa kanila ng pagkakaroon ng mabisang *claims validation* at *settlement*. Dagdag pa nya na kanilang adbokasiya ang pagbabahagi ng teknolohiya nito sa ibang *microfinance institutions* at *cooperatives* para sa *inclusive protection*.

Ang CARD MBA ang tagapanguna ng *microinsurance* sa Pilipinas.

Ibinahagi ni Jun Jay Perez, ang executive director ng RIMANSI, ang mga paraan upang maitaguyod ang pagkakaintindihan sa *microinsurance* sa Asya at Pasipiko. Ayon pa sa kaniya, ang *mutual model* ay para sa mahihirap na miyembro.

**ICMIF's 5-5-5 strategy**

Ang pag-aaral ay naging daan upang pag-usapan ng mga dumalo ang 5-5-5 na estratehiya ICMIF. Ang ICMIF ay isang matatag at kakaibang *global organization* na kumatawan sa interes ng higit sa 225 *people-centered insurers* sa higit sa 70 bansa.

Ayon kay Sabbir Patel, siniguro ng mga miyembro ang kanilang suporta sa 2015 ICMIF General Assembly para maipagpatuloy ang gawaing pagpapaunlad sa pagtulong sa mga *mutual* sa lumalagong merkado.

Ang 5-5-5 strategy ng ICMIF ay nabuo noong 2015 para maimapa ang mga sumusuporta sa *mutual insurance*. Pahayag ni Chair Shozui na nais nitong makaabot ng limang milyong bagong policy holders sa limang bansa sa susunod na limang taon.

Ang Pilipinas, India, Kenya, Sri Lanka, at Columbia ay ang mga napiling bansa para pasimulan ang stratehiya. Ayon kay Patel, ang pagpili ng mga bansa ay base sa pagkakaroon ng kinakatawan sa iba't ibang kontinente; dagdag pa nito ang mga oportunidad sa paglago ng isang bansa.

**Ang paraan ng CARD MRI**

Bilang tagapanguna ngayong taon, hinayaan ng CARD MRI ang mga delegado na sila mismo ang makaranas ng *business model* nito. Binigyang-diin ni Dr. Alip na ang pagsasagawa ng lingguhang pagpupulong kasama ang mga kliyente sa buong bansa ang nakapagpalago at nakapagpatibay sa institusyon. Dagdag pa niya na sa simula pa lamang, ito na ang kanilang stratehiya sa mabisang pagtatag ng mga komunidad sa bansa.

Mayroong higit sa 3.6 milyong kliyente sa buong bansa ang CARD MRI. Ayon kay Dr. Alip, ang mga kliyenteng ito ay hindi lang basta dumadalo sa pagpupulong kundi nakapagbuo rin ng *flow of center* na naiiba at nababagay sa mga kliyente na kung saan ang mga kliyente ay nagsisilbi ring *center officers* sa mga pagpupulong.

Ang Credit with Education (CwE) ang sentro ng pagpupulong. Ayon kay Dr. Alip, sa pamamagitan ng programang ito, ang mga kliyente ng CARD MRI ay sinasanay sa mga paksa tungkol sa kalusugan, negosyo, mga produkto at serbisyo ng CARD MRI, *microinsurance*, paghahanda sa mga sakuna, at disiplina sa pag-utang. Kaniya ring idinagdag na hindi lamang nila inihahanda ang mga kliyente pagdating sa pinansyal na aspeto, pati na rin sa pagiging bihasa ng mga ito.

Ibinahagi ni Yusuke Hasumi mula sa Japan na siya ay mapalad na maranasan ang kakaibang paraan ng CARD MRI sa pagpapalakas sa mga kapuspalad. Ang pagbisita sa *center* ay isang magandang paraan para sa CARD MRI at sa mga kliyente nito upang matalakay ang iba't ibang usapin.

**Cultural experience**

Ang pangunguna sa isinagawang *international event* dito sa Pilipinas ay hindi magiging kumpleto kung hindi mararanasan ang kakaibang kultura.

▸ 7

## Suporta..

◄ 4

MRI Development Institute (CMDI), ang nangangasiwa ng *admin summit* sa higit sa isang libong *administrative staff* katulad ng *tellers, bookkeepers, cashiers, finance officers,* at *regional accountants* na nagbibigay naman ng mahalagang suporta sa *field operations* ng CARD MRI.

Ayon sa founder at managing director ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang isang mas malakas na batalyon ng manggagawa na lalaban sa kahirapan ay mahalaga upang makamit ang kanilang ninanais. Dagdag pa nito na sinasanay nila ang pinakamahahalaga nilang *resources* - ang kanilang mga *staff*, upang mas bigyan ng lakas ang mga pamilya na kapos sa buhay.

Sa kalagitnaan ng dami ng trabaho ng mga tauhan ng CARD MRI, ang *summit* ay inaasahan na magbibigay nang sapat na oras sa mga *staff* nito na mapag-isipan ang kanilang maiaambag sa tagumpay ng organisasyon at kung paano sila tutulong sa mga mahihirap na komunidad upang mas mapabuti ang buhay ng mga nakatira rito. Nilalayon nito na maisip ng mga *administrative staff* ng CARD MRI ang malaking papel na kanilang ginagampanan upang maabot ang layunin na labanan ang kahirapan sa bansa.

Sa talumpati ni Dr. Alip sa *summit*, kaniyang binalikan ang pinagmulan ng organisasyon. Ibinahagi niya na nagsimula lamang ang CARD sa halagang PhP20.00 na mayroon lamang gamit na makinilya noong 1986. Kaniyang inalala kung paanong ang maliit na halaga na ito na may kasamang nag-aalab na pagnanais na makatulong sa mga walang lupa na magsasaka sa San Pablo, Laguna ay umaalalay na sa nasa 3.9 milyong mahihirap na komunidad sa buong bansa, at kung paanong ang 15 *social development practitioners* na nagsimula sa CARD, 30 taon na ang nakalilipas, ay mayroon nang higit sa 11,000 manggagawa sa loob at labas ng bansa

Isang oportunidad din ang *admin summit* upang matuto at magsaya ang mga tauhan ng CARD MRI. Pagkakataon din ito na sila ay makapaglakbay upang madiskubre ang ganda ng ibang mga isla sa bansa na hindi pa nila nararating. Ayon kay CMDI Dean Edzel Ramos, ang nasabing *summit* na ito ay naglalayon na makilala at magantihan ang malalaking ambag ng mga tauhan nito. Isang *training institute* ang CMDI na naghahanda sa mga tauhan ng CARD MRI sa pagpuksa ng kahirapan. Nagpapatuloy sila sa pagbibigay ng *capacity-building programs* sa mga tauhan ng CARD MRI upang maipagpatuloy ang kahusayan sa kanilang mga trabaho.

Ang programang ito ay bahagi nang patuloy na probisyon ng *capacity-building program* ng CARD MRI, at bahagi ng 5-8-40 na estratehiya ng organisasyon. Nilalayon ng estratehiyang ito na sa loob ng limang taon, maaabot ng CARD MRI ang 8 milyong kliyente at makakaseguro sa 40 milyong indibiduwal. Nilalayon din ng *admin summit* na magkaroon ng mga tauhan na buong pusong tutulong sa mahihirap.

Magsasagawa pa ang CMDI ng admin summit para sa 1,109 na tauhan nito bago matapos ang Setyembre, 2016. ***Jeff Tandingan***

## International Study Visit...

◄ 6

Noong 2012, ang CARD MRI, sa pamamagitan ng Community Development Group nito, ay nagtatag ng isang *tour program* na tinawag na Hijos de San Pablo: Seven Lakes and Beyond Tour. Pahayag ni Marilyn Manila, Director for Community Development Group, na ang nasabing programa ay isang pagbibigay-pugay sa San Pablo kung saan naroon ang pangunahing tanggapan ng CARD MRI at kung saan naitatag ang unang sangay ng CARD. Kaniyang idinagdag ang paraan ng CARD MRI sa pagkilala sa yaman ng kultura ng San Pablo.

Binuksan ang *tour program* sa publiko noong 2014 sa mga turista. Ibinahagi ni Manila ang kanilang galak sa pagpapatuloy sa mga delegado ng AOA para sa *tour*. Ayon sa kaniya, isa itong magandang *retreat* matapos ang isang abalang lakbay-aral.

Ang mga delegado ay nakabisita sa Sampalok Lake ng San Pablo, katedral, plaza, at city hall.

Ang *study visit* ay inorganisa ng CARD MBA at AOA ng ICMIF sa pakikipagtulungan ng RIMANSI Organization for Asia and the Pacific at CARD MRI Development Institute. Ang host para sa susunod na *study visit* ay ihahayag ng AOA sa pagsisimula ng susunod na taon.


*May kakilala ka bang katulad nila?*

Natatanging Kawani Awards 2016

*Hirangin ang Natatanging Kawani sa iyong Unit.*

*Naglabas ng bagong patakaran at alituntunin ang Community Development Group ukol sa pagpili ng inyong natatanging kawani.*

*Basahin ang Memorandum COMDEV-2016-011. Para sa inyong patnubay.*





Tumanggap ang Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc. ng 2016 Balikat ng Bayan Special Citation Award bilang Accredited Partner Agent mula sa Social Security System (SSS). Ang pagkilalang ito ay binibigay ng SSS sa mga partner nitong sumusuporta sa kanilang misyon. Makikita sa larawan sina Jocelyn Dequito, ang Deputy Executive Director ng CARD, Inc. (pangatlo mula sa kaliwa), Constancio La Rosa, ang Compliance Officer ng CARD, Inc. (pangalawa mula sa kaliwa) kasama ang mga ehekutibo at tagapamuno ng SSS. ***Raffy Antes***



EDITORYAL

# Maging Handa sa Sakuna

Ang Pilipinas ay ika-lima sa mga bansa sa buong mundo na pinakamadalas makaranas ng mga natural na sakuna. Ito ay ayon sa United Nations Office for Disaster Risk Reduction (UNISDR) na nagsasabing nasa 274 sakuna na ang nanalanta dito simula 1995 hanggang 2015. Mahigit 90% dito ay may kaugnayan sa masamang panahon. Simula 1995, mahigit kumulang 130 milyong Pilipino na ang nasalanta ng mga bagyo at libo-libong mamayan na ang namatay dahil dito.

Ang madalas na pananalasa ng mga sakuna gaya ng bagyo at lindol sa ating bansa ay mai-uugnay sa geograpikal na lokasyon nito sa Pacific Ring of Fire. Nasa silangan lamang nito ang Pacific Ocean kung saan maraming malalakas na bagyo ang nabubuo at nanalasa, hindi lamang sa Pilipinas, kung hindi pati na rin sa mga karatig nitong bansa.

Dahil sa hindi mapipigilang pananalasa ng mga malalakas na bagyo sa Pilipinas, dapat ay lagi tayong handa at may alam sa mga dapat gawin tuwing may paparating na sakuna gaya ng bagyo at lindol.

**Paghahanda sa Pagdating ng mga Sakuna**

Nitong nakaraang Oktubre lamang ay sinalanta ang bansa ng isa sa pinakamalakaas na bagyo sa buong mundo – ang supertyphoon Haima o mas kilala bilang ‘Lawin’. Gaya ng hagupit ni supertyphoon Yolanda at ng mga malalakas na pagyanig na ating naranasan nitong nakalipas na mga taon, maraming mga ari-arian ang nawasak, lumaganap ang mga sakit, at higit sa lahat, marami nating mga kababayan ang pumanaw. Hindi imposibleng maulit ang mga sakunang ito kung kaya’t narito ang ilan sa mga maaaring gawin upang mas maging handa ang mga mamamayan at mabawasan ang mga pinsala.



- Mag-imbak ng pagkain at malinis na tubig
- Maghanda ng flashlight at radyong de baterya
- Makinig sa radyo o manood sa telebisyon tungkol sa weather updates
- Suriin ang bahay at kumpunihin ang mga mahihinang bahagi nito
- Maghanda ng mga pagkaing hindi nangangailangang lutuin
- Ilikas ang mga hayop sa ligtas na lugar
- Anihin ang mga pananim na maari nang anihin
- Para sa mga mangingisda, ilikas ang mga bangka sa ligtas na lugar
- Kung ang inyong lugar ay bahain o malapit sa dagat, maghanda ng mga dapat dalhin kung kinakailangang lumikas (damit, mga pagkaing matagal masira, first aid kit, kandila/gasera o flashlight, radyong de baterya, lubid, at iba pa)

**Pagtugon sa Mga Sakuna**

Maraming sangay ng pamahalaan at mga pribadong organisasyon ang tumutugon sa mga naapektuhan ng mga kalamidad. Isa ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa mga organisasyong tumutugon sa mga nangangailangan lalo sa pagdating ng mga sakuna. Bukod sa *scholarship programs*, umaagapay pa rin ang CARD MRI sa tulong ng mga sangay nito gaya ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), BotiCARD, at ng Community Development Group upang makabangon ang mga nasalanta ng mga kalamidad.

Bagamat maraming tulong ang dumadating sa ganitong mga panahon, higit na mainam na mismong ang ating pamilya ay maging handa lalo na sa mga pangangailangang pinansyal na dumadating sa panahon ng mga sakuna. Ilan sa mga mungkahing paraan ay ang pag-iimpok, pamumuhunan, at ang pagkakaroon ng seguro. Sa aspetong ito, tumutugon ang CARD MRI sa pamamagitan ng mga kasaping institusyon gaya ng CARD Bank, CARD SME Bank, at Rizal Bank, gayundin ang CARD, Inc. na nag-aalok ng *financial* at *non-financial services.*

Bagama’t hindi na natin mababago ang lokasyon ng Pillipinas sa Pacific Ring of Fire, may magagawa pa rin tayo upang maging ligtas sa panahon ng sakuna. Ang tamang paghahanda ay lubos na makatutulong sa atin upang masigurong ligtas ang ating pamilya.

SULONG!
Editorial Board

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Cleofe Figuracion**
*Managing Editor*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Associate Editor*

**Raffy Antes**
**Jeffrey Tandingan**
**Araceli Reas**
*Writers*


**Cristy Enriquez**
**Donna Rita Escartin**
**Recy Pagaduan**
*Contributors*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

**CARD MRI Head Office**
20 M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

**CARD Mutually Reinforcing Institutions**
Official Facebook page



# Mensahe mula sa Tagapagtatag at Tagapamahala ng CARD MRI



**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**

Dahil sa maraming kinahaharap na gastusin at bayarin, hindi madali para sa ating mga kababayan ang magtabi para makaipon. Ang kaliwa't kanang gastusin nang maraming pamilyang Pilipino ang nagiging hadlang upang mapaghandaan ang kanilang kinabukasan.

Upang mapunan ang kanilang pang araw-araw na pangangailangan, kahit ang mga nasa murang edad pa lamang ay napipilitang maghanap ng mapagkakakitaan bitbit ang pag-asang maiaangat nila ang antas ng kanilang pamumuhay. Ngunit ang kinikita ng karamihan sa kanila ay kasya lamang sa loob ng isang araw kung kaya't hindi pa nabubuksan ang kanilang isipan tungkol sa halaga ng pag-iimpok, pamumuhunan, at pagkakaroon ng seguro.

Ang ilan naman sa atin ay masasabing may mapagkukunan; may magandang trabaho at may sapat na sinasahod upang makuha ang mga naisin. Ang karamihan sa mga *millennial* ay hindi alintana ang mabilis na pagkaubos ng kanilang sahod. Tulad din ng mga mahihirap, karamihan sa mga ito ay wala ring ipon, naipundar, at hindi nabibigyang halaga ang seguro.

Darating ang panahon na maitatanong natin sa ating sarili kung saan napunta ang lahat ng pinaghirapan natin sa loob ng ilang dekada ng pagtatrabaho. Wala tayong masalat o matanaw man lamang na resulta sa lahat ng pagod natin.

Salat man o may kaya sa buhay, marami pa rin sa atin ang hindi nabibigyang halaga ang pag-iimpok.

Ang CARD Bank, CARD SME Bank, at Rizal Bank, pawang mga kasaping institusyon ng CARD MRI, ay nagbibigay oportunidad sa lahat lalo na sa mga mahihirap nating kababayan na matutong mag-impok at maging handa sa pinansiyal na estado ng buhay. Mahalaga para sa amin na maging handa ang pamilyang Pilipino na may maaasahan sa panahon ng pangangailangan.

Mayroon ding mga *microinsurance company* ang CARD MRI upang matugunan ang pangangailangang seguro ng pamilyang Pilipino. Nais namin na ang bawat isa ay mabilis makababangon mula sa mga hindi inaasahang pangyayari.

Ang pag-iimpok, pamumuhunan, at pagkakaroon ng seguro ay mas mainam na sinisimulan habang bata pa. Ang paniniwalang "masyado pa akong bata para sa mga ganitong bagay" ay ang paglihis natin sa kung anong mas makabubuti para sa atin. Kung patuloy na magiging sarado ang ating isipan sa kahalagahan ng mga ganitong bagay, magiging mahirap para sa atin ang harapin ang hinaharap.

Kung matututo tayong pamunuan nang maayos ang ating salapi at hindi ang salapi ang namamahala sa atin, magtatagumpay tayo. Ang piso o sentimo, maaaring maliit lamang ang halaga, ngunit kung uugaliin ang pag-iipon, malaki ang magiging katumbas. Ugaliin natin na magtabi ng pera upang mapaghandaan natin ang kinabukasan. Pairalin ang disiplina sa ating sarili. Lagi nating tandaan na walang mahirap na pamumuhay kung pinaghahandaan dahil ang kinabukasan ay hindi kailanman naging biro.

## REPLEKSYON

ni **JEFFREY TANDINGAN**

### Muling Pagbangon

Kasalungat ng iyong inaasahang kalalabasan ng iyong binuong plano – ito ang madalas na pakahulugan ng karamihan sa salitang pagkabigo. Kung ganito man ang tunay na ibig sabihin nito, lahat tayo ay walang kawala rito. Ikaw, ako, at ang mga taong nakasasalamuha natin sa araw-araw ay may kani-kaniyang kuwento rin ng lungkot at pagkabigo.

Sa kabila ng sayang hatid ng mundo, hindi natin maisasantabi ang lungkot at pagkatalo. Kasabay nang pagpili nating mabuhay nang masaya, dapat ay naihahanda rin natin ang ating sarili sa lahat ng pagkabigong maaaring mangyari.

Ang mundong ito ay hindi ang kalangitang dala lamang ay pagpapala. Kadikit na ng buhay na mayroon tayo ngayon ang saya at lungkot. Hindi na natin ito maiaalis pa. Kung marunong tayong tumanggap ng kasiyahan ay dapat marunong din tayong tumanggap ng kabiguan. At sa ating pagtanggap, dapat ay matuto tayong bumangon, muling sumubok, at umasang magiging positibo ang kahihinatnan ng susunod.

Ang pagsubok at pagkabigo ay hindi dapat maging dahilan ng pagsuko. Gamitin nating instrumento ang mga ito upang mas mapabuti pa natin ang ating mga sarili at mapalago pa ang ating kakayahan bilang isang tao. Baguhin natin ang ating pagtingin sa lahat ng ito – na ang pagkabigo ay isang paghahanda lamang sa mas magandang bagay na paparating sa atin at ang mga pagsubok ang siyang magpapatatag sa atin upang mapagtagumpayan ang mga darating pang pagsubok.

Pagsumikapan natin ang mga bagay na nais nating marating. Hindi dahil malubak at matinik ang daan na ating tatahakin, pipiliin na lamang nating tumigil upang hindi na masaktan. Hindi natin alam ang dulo ng ating paglalakbay. Sa kabilang dako nang pasakit at bigat ng ating tatahakin, tiyak may naghihintay na mas maayos na buhay para sa atin.

Sino man sa atin ay hindi pinangarap maging mahirap o mahina. Hindi man sunod sa ating kagustuhan ang ating kinahinatnan ngayon, magtiwala lamang tayo sa Kaniyang magandang plano para sa bawat isa sa atin. Mayroon Siyang plano. Sabi nga ng madla "Tiwala lang!" Hindi ka Niya bibiguin.

# Industriya ng Pagpapayo o ang Bukal ng Di-nagkukulang na Patnubay?

ni **CRISTY ENRIQUEZ**

Naranasan mo na bang magpayo sa isang kaibigan o di kaya naman ay sa taong kakikilala mo lang? 'Yong tipong abo't langit ang pasasalamat niya sa magaganda at mahuhusay mong opinyon at suhestiyon para resolbahin ang kanilang mga problema? Napunta ka na rin ba sa isang sitwasyon kung saan sobrang apektado ka sa ibinahaging karanasan o problema ng iyong kaibigan hanggang sa pakiramdam mo'y ikaw na ang sangkot sa problemang ito? Kung oo ang sagot mo sa mga tanong na ito, marahil isa ka sa napakaraming taong tatawagin nating "*problem hero*" o di kaya ay "Dakilang Tagapayo" at sa maniwala ka't sa hindi, may mga taong ginagawa na nga itong negosyo at ito ay tinawag nilang "industriya ng pagpapayo" na kumikita ng husto sa tulong nang *multi-media.*

Marami sa atin ang umaabot sa punto na hindi na alam ang sagot o solusyon sa kanilang *unlimited problems*; ito man ay problema sa pamilya, kaibigan, pag-ibig, trabaho o eskuwela at maging sa personal na isyu sa kanilang buhay. At ang nagiging sumbungan o takbuhan ng ilan sa ating mga kababayan ay ang mga nagsusulputang *online counseling* o *on-air adviser*, *consultant*, *love-expert* at kung sino-sino pang eksperto raw sa mga bagay-bagay. Sa "industriya ng pagpapayo" ay masasaklaw ang halos lahat ng klaseng paksa ito man ay pangkalusugan, pampamilya, pang-isports, at marami pang iba. Nariyan ang mga istasyon ng radyo na araw-araw ay handang makinig at magbigay ng aksiyon o payo sa posibleng solusyon sa mga problema ng kanilang mga *caller*. Meron din sa Facebook, Youtube, Instagram at Twitter, at kung ano pa mang makabagong *social apps* na maaaring gawing *platform* ng mga mahuhusay di umaano sa pagbabahagi o pagbibigay ng *digital* na pagpapayo. Dahil dito, nagiging bukas

▸ 11

# BALITANG PANG-EDUKASYON

## Iskolar ng CARD Balik Eskwela, pasado sa ALS

ni RECY PAGADUAN



*Kasama ni Tita Amie ang kaniyang mga kaklase sa San Vicente National High School sa San Vicente, Palawan.*

Matagumpay na nakapasa sa Alternative Learning System Accreditation and Equivalency Test (ALS A&E) ang isa sa mga iskolar ng CARD Balik-Eskwela sa San Vicente, Palawan, ang 63 taong gulang na si Salvacion "Tita Amie" Medallon. Ang mga nakapasa sa nasabing pagsusulit ay binibigyan ng sertipiko o diploma na nangangahulugang sila ay kahalintulad ng mga nagsipagtapos sa pormal na paaralan at sila ay maaari nang makapasok sa hayskul o kolehiyo.

Ang programang Balik-Eskwela o Tita Cory Scholarship Fund ay isa sa mga programang pang-edukasyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), isang samahan na nagnanais na masugpo ang kahirapan at nagsusulong ng kaunlaran sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tulong tulad ng libreng pag-aaral.

Isang mananahi ng damit, ina ng limang anak, at mag-aaral sa ika-9 na baytang sa San Vicente National High School, si Tita Amie ay nag-aaral na sa kolehiyo matapos makapasa sa ALS A&E. "Maagang namatay ang aking ina kung kaya't napakahirap para sa akin ang maipagpatuloy ang aking pag-aaral noon. Ngunit ngayong may pagkakataon na ako, determinado talaga akong makapagtapos ng kolehiyo kahit may edad na. Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko," sabi niya.

Nang makapasa siya sa Balik-Eskwela noong 2014, inasikaso niya agad ang mga kinakailangang papeles kung saan ang iba ay nawala na dahil sa tagal ng panahon. Sa tulong ng kaniyang mga kaklase at dating guro na nagpatunay na nakapagtapos siya ng elementarya, nabigyan siya ng pagkakataong makatuntong ng hayskul.

"Isang malaking pagsubok ang kinaharap ko noong 2014. Inisip kong mangibang-bansa dahil sa tingin ko iyon ang pinakamagandang gawin noon. Ngunit hindi ako tumigil sa pagdarasal sa Panginoon na ipakita Niya ang Kaniyang magandang plano para sa akin at sa aking pamilya. Heto na nga, hindi ko inaasahan na makapagkokolehiyo na ako," banggit niya.

Ipinahayag din ni Tita Amie na binago ng Balik Eskwela ang kaniyang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay-oportunidad na makapagpatuloy siyang muli ng pag-aaral kung saan nakakuha siya nang matataas na marka at nakalahok sa e*xtra-curricular activities.*

"Kung wala ang CARD, siguro ay hindi ako magkakaroon ng ganitong biyaya. Napakasaya kong naging miyembro ako nito. Maraming salamat CARD!" ani niya. Ngayong pumapasok na siya ng kolehiyo, inaasahan niyang mas dadami pa ang kaniyang matututuhan na magagamit niya sa pagkamit ng kaniyang pangarap. Nais din niyang maging inspirasyon sa lahat lalo na sa kabataan na bigyang-halaga ang edukasyon.

Nagagalak naman ang tagapagtaguyod at tagapangasiwa ng CARD MRI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa tagumpay na narating ni Tita Amie. "Natutuwa akong marinig na unti-unti niyang natutupad ang kaniyang mga pangarap. Ito talaga ang nais ng CARD, ang tulungan silang marating ang kanilang mga hinahangad sa buhay. Simula pa lamang ito ng kanilang pag-angat sa buhay. Alam kong maraming Pilipino ang nagnanais maging katulad niya at ang dapat nilang gawin ay maging matiyaga, masipag, at magtiwala sa kanilang sarili upang makamit nila ang kanilang mithiin sa buhay at makaalis na nang tuluyan sa kahirapan," bahagi ni Dr. Alip.

Layunin ng programang Balik Eskwela na matulungang makabalik sa pag-aaral ang mga miyembro ng CARD MRI lalo na ang mga nanay

▸ 11

## CARD MRI nagbigay ng scholarship para sa mga kursong pang-militar at pulisya

ni RECY PAGADUAN

Nagsimulang magbigay ang CARD Scholarship Program (CSP) ng *scholarship* para sa mga anak ng mga kliyente ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na kukuha ng kurso sa Philippine Military Academy (PMA), Philippine National Police Academy (PNPA), at sa Philippine Merchant Marine Academy (PMMA) simula ngayong pasukan.

"Para masuportahan ang karamihan sa miyembro ng CARD, pinalawig namin ang pagbibigay ng *scholarship* sa mga gustong mag-aral sa PMA, PNPA, at PMMA. Parte ito ng aming programang 'One Family, One Graduate' kung saan nais namin na may isa sa bawat mahirap na pamilya ang makapagtapos ng kolehiyo," pahayag ni Dr.Jaime Aristotle B. Alip, founder at managing director ng CARD MRI.

Ayon kay Dr. Alip, noon mas binibigyang pansin nila ang mga iskolar na kumukuha ng kursong business at communication upang madaling mabigyan ng trabaho sa kahit anong institusyon ng CARD.

"Sa pagkakataong ito walang limitasyon para sa mga iskolar sa pagpili ng kurso na gusto nila. Ito ay para sa pag-asang mabawasan ang bilang ng hindi nakapagtapos ng pag-aaral sa ating bansa," dagdag pa niya.


Isa sa Community Development Services ng CARD MRI ang CSP para sa kanilang mga miyembro kasama ang kanilang mga anak na hirap makapag-aral dahil sa kakulangang pinansyal.

Tulad ng ibang iskolar ng CSP, ang mga aplikanteng nag-aaral o mag-aaral sa mga nasabing paaralan ay makatatanggap ng PhP 12,000 kada taon na hindi dapat lumampas sa apat na taon para makatanggap ng taunang *scholarship*. Ang mga interesadong miyembro ng CARD sa nasabing *scholarship* ay maaaring pumunta sa pinakamalapit na sangay ng CARD para sa karagdagang impormasyon.

Nakapagbigay na ang CARD MRI ng 7,549 na *educational scholarship* sa pamamagitan ng CSP. Mula rito, 2,339 na mga iskolar na ang nakapagtapos at nakatutulong na sa kanilang pamilya. Sa ngayon, mayroon nang mahigit 3 milyong kliyente ng CARD ang nakikiisa sa 30 taon nang pagbibigay ng institusyon ng kapaki-pakinabang na programa at serbisyo para sa mahihirap.

## Pagsusumikap sa pag-abot ng tagumpay

ni CRISTY ENRIQUEZ



*Isa si Dhian Villaruel sa mga iskolar ng CARD MRI na nagmula sa USWAG Development Foundation, isang BOAT partner ng CARD MBA.*

Taon-taon, libo-libong mag-aaral sa buong bansa ang natutulungan ng CARD Scholarship Program (CSP) ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (MRI) na makamit ang kanilang pangarap na magkaroon ng *degree* sa kolehiyo. Kadalasan, tumatanggap ang mga estudyante ng *scholarship* mula sa iba't ibang *sponsor*, kabilang sa mga ito ang mga indibidwal, *community foundations*, at mga pribadong kompanya - bilang karagdagan sa mga natatanggap nila mula sa CARD MRI.

Ang CARD Mutual Benefit Association (MBA), Inc., bilang isang miyembro ng CARD MRI, ay nagkakaloob ng *scholarship* sa pamamagitan ng CSP sa mga partner ng Build-Operate-And-Transfer (BOAT) Program nito bilang karagdagang probisyon sa mga tapat at mga miyembrong

▸ 11

## ALS...

◂ 10

na miyembro nito. Patuloy na nagbibigay ng mga pagsusulit ang CARD upang makatulong pa sa maraming estudyanteng nagnanais nang maginhawang buhay hindi lamang para sa kanilang sarili kundi pati na rin sa kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI), isa sa mga institusyon ng CARD, patuloy ang pakikipag-ugnayan nito sa Department of Education (DepEd) para sa programang ALS.

Ang Balik-Eskwela at ALS ay bahagi ng programang "One Family, One Graduate" ng CARD MRI na nagsisigurong may isang makapagtatapos ng kolehiyo sa bawat isang pamilyang Pilipinong kanilang pinaglilingkuran. Sa pamamagitan nito, hinahangad ng institusyong mapabuti ang kabuhayan ng mga miyembro nito na siyang magdudulot ng kaunlaran sa bansang Pilipinas.

## Pagsusumikap sa pag-abot...

◂ 10

gumaganap nang maayos sa kanilang tungkulin bilang kasapi ng CARD MBA. Dahil sa tulong ng *scholarship* na ito, marami sa mga mag-aaral na anak ng mga kasapi ang natutulungang makapagtapos ng pag-aaral.

Naging iskolar ang nasabing mag-aaral dahil sa kanilang pagsusumikap at determinasyon na makapagtapos. Itinuon nila ang kanilang sarili sa pagpapalago ng kanilang kaalaman, paglahok sa mga pamboluntaryo at ekstra kurikular na gawain, at pagtuon ng maraming oras sa paghahanap para sa posibleng *scholarship* program na tutulong sa kanila. Sa kabutihang palad, ang mga anak ng mga miyembro ay maaaring sumali at mag-apply upang magkaroon ng pagkakataong maging isa sa mga iskolar at masiguro ang kanilang pagtatapos sa hayskul o kolehiyo na hindi na kailangan ng taunang *renewal* sa CSP. Kung kaya't sa sandaling palaring maging isang iskolar sa anumang antas ang kumukuha ng *scholarship*, tutulungan siya sa pamamagitan ng pinansiyal na suporta hanggang sa makapagtapos.

Isa sa mga nakatanggap ng benepisyo mula sa nasabing *scholarship program* na nagmula sa USWAG Development Foundation na BOAT partner ng CARD MBA si Dhian Villaruel. Nakapagtapos si Dhian ng kolehiyo nang may karangalan. Si Dhian ay anak ng kasaping si Gng. Linda C. Villaruel.

**"Simulan mo ng maaga at umangat ka."**

Sa murang edad pa lamang ni Dhian, hinikayat na siya ng kaniyang mga magulang na mag-aral nang husto upang magkamit nang magagandang marka at makatuntong ng kolehiyo. Para kay Dhian, ang pagtuntong niya sa kolehiyo ay isang oportunidad upang makahanap ng paraan na matustusan ang mga pangangailangan niya. Nais niyang makaiwas sa maaaring pagkabaon sa *student loan*. Maaga niyang napagtanto na kailangan niyang magkaroon ng *scholarship*. Alam ni Dhian na para umangat siya sa mga *scholarship application* ay kailangang gawin niya ang buong makakaya para magkaroon nang mataas na grado habang siya ay nasa hayskul pa lamang. Ito nga ang kaniyang ginawa.

Nang makakuha siya ng oportunidad na makalahok sa pagsusulit para sa CARD Scholarship Program sa pamamagitan ng CARD MBA para sa mga anak ng miyembro ng USWAG ay agad niya itong sinunggaban. Ang kaniyang pagsusumikap sa pag-aaral ang naging daan upang mamukod-tangi mula sa iba pang mga aplikante na nag-apply din ng *scholarship*. Kung kaya't noong 2012, naigawad sa kaniya ang *full scholarship grant* at pumasok sa Aklan Polytechnic College sa kursong BS in Customs Administration. Sa pamamagitan nito, nakatanggap siya ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng PhP3,000.00 tuwing sang-kapat ng taon sa pangangasiwa ng CARD MBA - Capiz Provincial Office.

Ang *scholarship* na ito, sa pamamagitan ng CARD MBA, ang nagbigay-inspirasyon kay Dhian na ang magagandang bagay ay dumarating lamang sa mga taong may dedikasyon sa kabila ng kakulangan sa pinansiyal. Patuloy na sinuportahan ng pamunuan ng CARD MBA ang pagbibigay ng tulong pinansyal kay Dhian hanggang sa ikaapat na taon niya sa kolehiyo. Samantala, ang kaniyang mga magulang ang nagturo sa kaniya na maging matiyaga sa pag-aaral para sa pagpapanatili ng kaniyang *scholarship* at magpursige upang makamit ang inaasam na diploma. Lahat ng pagsusumikap ni Dhian ay nagbunga ng isang matamis na karangalan bilang *cum laude* ng kanilang pangkat. Walang hanggan ang pasasalamat ni Dhian at ng kaniyang mga magulang sa suporta ng CARD MBA at CSP na naging daan upang matupad ang kanilang mga pangarap.

Ang kuwento ni Dhian C. Villaruel ay isang aral na ang tagumpay sa hinaharap, wala man itong kasiguruhan ay makakamit mo kung pagsusumikapan. Gayunpaman, bago natin mapagtagumpayan ang pinili nating karera, marapat na bigyang-halaga at pag-alaala ang mga tao na handang tumulong at mag-abot ng suporta makamit lamang ang tagumpay na iyong inaasam. At higit sa lahat ng kailangan gawin ay simulan ito nang maaga upang umangat ka.

## Ika-17 batch ng CSP, simula nang umangat sa kahirapan

ni RECY PAGADUAN

Kasalukuyan nang nag-aaral sa iba't ibang paaralan sa bansa ang 1,334 na iskolar na pumasa sa CARD Scholarship Program (CSP) ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Sila ang karagdagan sa bilang ng mga iskolar ng CARD MRI kung saan 20 sa kanila ay miyembro ng CARD MRI at 1,309 ay anak ng mga miyembro.

Isa sa mga programang pang-edukasyon ng CARD MRI ang CSP kung saan binibigyan nito ng pagkakataong makapag-aral nang libre sa sekondarya at kolehiyo ang mga anak ng miyembro at mismong miyembro ng CARD na nahihirapang makatuntong sa paaralan dahil sa pampinansyal na kakulangan. Nagsimula ito noong Mayo 2000 at ngayon ay nasa ika-17 pangkat na ito ng mga iskolar.

"Habang dumarami ang miyembro ng CARD MRI, mas pinayayabong at pinalalawak namin ang mga programa at serbisyong maibibigay namin sa kanila. Nais naming ipagkaloob sa mga estudyante ang kanilang pangangailangan. Sa pamamagitan nito, alam naming nakatutulong kami sa malaking bilang ng mga kababayan natin na nais makaalis sa kahirapan," sabi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtaguyod at tagapangasiwa ng CARD MRI.

Upang ipagpatuloy ang pagbibigay ng tulong sa kanilang pamilya, ang mga iskolar ng CSP ay binibigyan din ng pagkakataong makapagtrabaho sa CARD MRI sa sandaling makapagtapos sila ng pag-aaral sa kolehiyo.

Ang programang CSP ay alinsunod sa layunin ng CARD na sa bawat pamilya ay may isang makapagtatapos sa kolehiyo na siyang magbibigay kaginhawaan at magandang buhay sa kani-kanilang pamilya.

"Sa pamamagitan ng edukasyon, makakamit natin ang magandang pagbabago. Ito ang dahilan kung bakit sinusuportahan namin ang mahihirap na miyembrong nais makapagtapos ng pag-aaral," saad ni Dr. Alip.

Upang maging iskolar ng CSP, kinakailangan ay anak ng miyembro o mismong miyembro ng CARD na may 100% *repayment rate* at 90% aktibo sa pagdalo ng lingguhang pagpupulong sa loob ng tatlo o higit pang mga taon. Dapat din silang makakuha ng 80% sa *qualifying examination* at makapagpanatili ng markang 2.5 o katumbas nitong marka kada semestre.

Sa kasalukuyan, ang CARD MRI ay nakatulong na sa 7,549 na iskolar simula nang magsimula ang programang CSP. Tumutulong na sa kani-kanilang pamilya upang maiahon sa kahirapan ang 2,339 na iskolar na nakapagtapos na sa kolehiyo. Ang mga masisipag at matitiyagang iskolar na ito ay patunay na nakakatulong ang CARD sa bansa sa paglaban sa kahirapan.

## Pagpapayo...

◂ 9

na libro ang mga personal na problema ng ilan sa mga nababalisa na nagreresulta upang pagsawsawan naman ng mga taong sabik sa pagbibigay ng kani-kanilang opinyon (mga taong madudunong o nagmamarunong). Ang resulta… mas maloloka ka!

Gayunpaman, hindi maiaalis ang mapait na katotohanang nariyan din at naglipana ang mga walang prinsipyong indibiduwal na nagsasamantala sa kalungkutan at pagdurusa ng iba, anupa't hindi naman tunay na nagbibigay ng tulong o solusyon bagkus ay magdadala pa ng mas maraming problema.

Dahil dito, ano pang pangunahing tulong ang ating maaaring asahan? Saan pa nga ba tayo tunay na makasusumpong ng praktikal na payo na laging magtatagumpay? Bagama't nariyan ang ating mga magulang, buong pamilya, mga kaibigan, at mabubuting kakilala, sapat na nga ba sila?

Ang BIBLIYA. Ang banal na kasulatan, ang Bibliya ang itinuturing na Bukal ng Di-nagkukulang na Patnubay. Bakit nga ba dapat mong matamang pagtuunan ng pansin at halaga ang bukal

▸ 12




# BALITANG PANGKALUSUGAN

## Magkakasunod na CHD, isinagawa sa Hilagang Luzon

ni **JEFFREY TANDINGAN**



*Nagsagawa ang CARD MRI ng Community Health Days sa Abra at Ilocos Sur kung saan may 957 katao na dumalo at nabigyan ng libreng medical check-up,*

Nagsagawa nang sunod-sunod na Community Health Days (CHDs) ang CARD Mutually Reinforcing Institution (CARD MRI) sa Abra at Ilocos Sur bilang bahagi ng misyon nitong pahalagahan ang kalusugan ng mga miyembro at bawat pamilyang pinagsisilbihan nito.

Ang mga bayan ng Manabo sa Abra at Sta. Maria at Candon sa Ilocos Sur ang mga lugar na napagdausan ng nasabing aktibidad kung saan 957 miyembro ng CARD at mga kapamilya nito ganoon din ang ibang residente rito ang nakatanggap ng libreng konsultasyong medikal, optikal at pabunot ng ngipin.

"Ang gawaing ito ay patuloy na ginagawa ng CARD MRI sa buong Pilipinas hindi lamang sa mga miyembro nito kundi para sa lahat upang tulungan ang bawat pamilyang Pilipinong nangangailangan na mailapit sila sa mga doktor at iba pang *health practitioners*," ayon kay Marilyn Manila, ang direktor ng Community Development Group ng CARD MRI.

Dagdag pa ni Manila, "Mataas pa rin ang bilang ng mga Pilipinong isinasawalang bahala ang kanilang nararamdaman dahil sa kahirapan. Kung kaya naman mayroong ganitong programa ang CARD MRI upang matugunan ang isyung ito."

Katuwang ang BotiCARD, isang miyembrong institusyon ng CARD MRI, nakapaghatid din ng may diskuwentong mga gamot para sa lahat ng dumalo sa aktibidad. Ayon pa rin kay Manila, nilalayon ng sariling parmasya ng CARD MRI na makapaghatid ng dekalidad ngunit abot-kayang mga gamot sa mga mahihirap na komunidad.

Ibinahagi naman ni Imelda Acena Gatmen, miyembro ng CARD, Inc. sa loob ng walong taon, na malaki ang kanilang pasasalamat sa CARD dahil sa mga programang ibinibigay nito sa mga miyembro. "Karamihan sa mga kapwa ko miyembro ay hindi na nakapagpapagamot dahil sa kakapusan ng pera. Kaya naman itong isinagawang CHD ng CARD sa aming bayan ay napakalaking tulong sa akin at sa aming kababayan," pagsasaad niya. Si Imelda ay hindi lamang naging benepisyaryo ng nasabing aktibidad kundi naging isa rin sa mga boluntaryo. Siya ang isa sa mga sumusuri ng presyon ng dugo ng mga nagsipagdalo sa CHD.

Dinaluhan ang nasabing CHD ng sampung bihasa sa kani-kanilang larangan ng panggagamot upang makapaghatid-serbisyo sa pamilyang Pilipino. Patuloy pang magsasagawa ng mga CHD sa iba't ibang bayan sa buong Pilipinas upang maabutan ng tulong ang iba pang komunidad na nangangailangan ng ganitong programa.









## Pagpapayo... ◂ 11

na ito? Pinatutunayan mismo ng Bibliya ang halaga ng sarili nito sa pagsasabing: "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos at kapaki-pakinabang sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid ng mga bagay, sa pagdidisiplina sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging lubos na maykakayahan, lubusang nasangkapan ukol sa bawat mabuting gawa." na mula sa 2 Timoteo 3:16, 17. Dapat nating basahin ang Bibliya sapagkat ito ay ang Salita ng Diyos para sa atin. Sinasabi pa sa aklat ng Timoteo 3:16, na ang Bibliya ay hiningahan ng Diyos, ito ang Salita ng Diyos para sa atin.

Samakatuwid, maaari tayong magtiwala nang lubusan sa halaga ng Bibliya at sa liwanag na taglay nito. Sa katunayan, naglalaman ang Bibliya ng maraming simulain at tagubilin na maaaring gamitin ukol sa iyong kapakinabangan anuman ang iyong maging kalagayan o suliraning kinahaharap. Sa pamamagitan nito ay sinabi ng Diyos sa atin: "Ito ang daan. Lakaran ninyo ito" na mula sa Isaias 30:21. Dapat nating basahin ang Bibliya dahil napakaraming mga maling aral at turo ang naglipana ngayon sa mundo. Ang Bibliya ang tanging instrumento upang malaman natin kung ano ang tama at ang maling katuruan.

Kung kaya sa pagharap sa mga kabalisahan. Sinasabi sa atin ng Bibliya: "Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, kundi sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng panalangin at pagsusumamo na may kasamang pagpapasalamat ay ipaalam ang inyong mga pakiusap sa Diyos; at ang kapayapaan ng Diyos na nakahihigit sa lahat ng kaisipan ay magbabantay sa inyong mga puso at sa inyong mga kakayahang pangkaisipan sa pamamagitan ni Kristo Jesus." na ayon sa Filipos 4:6, 7. Sino man ay maaaring mapalagay sa isang sitwasyon na hindi mo kayang kontrolin o lutasin anupa't nagdudulot ito ng emosyonal na pighati at kabalisahan. Sa pamamagitan ng pagsunod sa tagubilin ng Bibliya na manalangin, makakayanan mo ito sa mabisang paraan.

Walang mabuting payo sa taong ayaw matuto, kaya't habang maaga pa, habang may panahon pa, simulan mo na. Magbasa at kilalanin natin ang Diyos sa pamamagitan ng Bibliya – ang Bukal ng Di-nagkukulang na Patnubay.

# BALITANG PANGKABUHAYAN

## Bato ang ikinabubuhay

ni **JEFFREY TANDINGAN**

Karaniwan nating nakikita ang bato sa ating paligid. Madalas ay hindi natin ito pinapansin dahil hindi natin makita ang halaga nito sa atin. Ngunit sa isang tagong bayan sa probinsiya ng La Union, isang komunidad mula sa Brgy. Nalvo Norte sa bayan ng Luna ang itinuturing na isang pagpapala ang pagkakaroon ng dalampasigang puno ng maliliit na bato.

Kung sa iba ay pinong buhangin sa baybaying-dagat ang ipinagmamalaki, sa bayan ng Luna ay ang iba't ibang kulay naman ng maliliit na bato ang nagsisilbing sahig ng kanilang aplaya.

Noon pa man ay ikinabubuhay na ng mga taga lokal na komunidad ng Luna ang mga batong ito. Karamihan sa kanila ay miyembro ng CARD. Pinaghihiwa-hiwalay ang magkakauri, magkakasinlaki, at magkakakulay at ito ay dinadala sa isang kompanya at binibili naman ng mga taga ibang bansa tulad ng Korea at Japan upang gawing palamuti o disenyo sa mga hardin. Ang iba naman ay inuukitan ng iba't ibang imahe o ginagawang *tiles*.

Ito na rin ang kinamulatang kapaligiran ng isang kasapi ng CARD na si Precy Mel Talusig. Bata pa lamang si Precy, ito na ang kaniyang pinagkakakitaan. Maging ang kaniyang mga magulang at ibang kaanak ay ganito rin ang hanapbuhay upang mapunan ang pang araw-araw na pangangailangan.

Mukhang simple kung pakikinggan ang ganitong gawain ngunit babad sa initan ang mga nagtatrabaho upang makahanap ng pasadong kalidad mula sa milyon-milyong batong nakahilata sa dalampasigan. At sa pagkapuno ng isang maliit na sako, maibebenta lamang ito sa maliit na halaga depende sa klase ng bato. "Kailangan ang isang tao ay may tiyaga at pagsusumikap kung ganitong klase ang ikinabubuhay," saad ni Precy.

Nang mawalan ng trabaho ang asawa ni Precy bilang drayber sa isang kompanya sa Maynila ay nahirapan ang kanilang pamilya. Ang bato ang patuloy na ginawang pangkabuhayan ng mag-asawa. "Umaraw man o bumagyo, kapiling namin ang dalampasigan upang maghanap ng mga batong aming maibebenta upang maipagpatuloy ang pag-aaral ng aming mga anak at makapaghain ng pagkain sa aming hapag-kainan," pagbabahagi ni Precy.



*Ginagawang kabuhayan ni Precy Mel Talusig at ng kanyang asawa ang paggagawa ng iba't ibang produkto mula sa mga batong kanilang kinokolekta mula sa dalampasigan.*

Nang kalauna'y, lumabas ang pagiging malikhain ng mga tagalokal na komunidad ng Luna. Natutuhan nilang gamitin ang pinupulot na bato bilang disenyo sa mga paso. Sa maliit lamang na puhunan, nabigyan ng karagdagang pagkakakitaan ang mga taga-Luna. Si Precy ay isa sa mga gumagawa ng pasong dinidisenyuhan ng bato. Limang buwan pa lamang niya itong ginagawa bilang karagdagang pagkakakitaan.

"Bilang miyembro ng CARD, malaki ang naitutulong nito sa aking pamilya lalo na sa pagpapaaral ng aking mga anak," pasasalamat ni Precy.

Habang ang kaniyang asawa ay muling nakahanap ng trabaho bilang drayber ng taxi sa Baguio, nagkakaroon naman ng mga pa-order si Precy ng kaniyang mga likha sa ilang paaralan sa Luna. Ang kanilang mga produkto ay isa sa mga nagbibigay kulay at kaayusan sa mga hardin.

Maliban sa kaniyang patuloy na pamumulot ng bato at paggawa ng paso, si Precy ay nagtatrabaho rin sa kilalang atraksyon sa Luna na kung tawagin ay Bahay na Bato. Siya ang sumasalubong sa mga turistang nais masilayan ang kakaibang bahay.

Tunay ngang napakahalaga at kadikit na ng buhay ni Precy, ng kaniyang pamilya, at ng mga tagalokal na komunidad ang bato. Ang mga bagay na akala natin na hindi kapaki-pakinabang ang siya namang itinuturing ng iba na biyaya. Kailangan lang nating paganahin ang ating pagiging malikhain upang mapagkakitaan ang mga bagay na akala natin ay walang halaga.

## CMDI, DOST 4A nagsanib-pwersa sa pagtulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng Filipino microentrepreneurs

ni **JEFFREY TANDINGAN**

Nilagdaan ng CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc., ang *training institute* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang *memorandum of understanding* kasama ang Department of Science and Technology (DOST) Region 4A upang mas mapabuti pa ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga kliyente ng CARD MRI. Sa pamamagitan nito, inaasahan ang pagkakaroon ng pagpapabuti sa pakikipagsabayan ng mga *Filipino microentrepreneur* (MEs) sa rehiyon.

Sa pagsasanib-pwersa na ito, ang CARD MRI MEs ay makatatanggap nang mas mabuti na lagay ng kabuhayan, kaunlaran sa kalakaran, at pagsasanay para sa paggawa ng mga produkto gamit ang makabagong teknolohiya na pinasimulan ng DOST. Magbibigay rin ang nasabing ahensya ng mga pagsasanay at teknolohiya upang mas pagbutihin pa ang negosyo ng mga kliyente.

Maaaring makatulong ang DOST sa mga CARD MEs na kabahagi sa pagnenegosyo ng mga *processed food*, sa pamamagitan ng pagsubok sa mga produkto para sa mas mabilis na paglilisensya sa Food and Drug Administration (FDA).

Sa talumpati ni DOST Regional Director na si Dr. Alexander Madrigal sa seremonya ng paglagda, kaniyang pinabatid ang sariling paniniwala na ang pagsasanib ay kinakailangan na dalhin sa pambansang antas. Ayon sa kaniya, ang CARD MRI ang humahatak sa mga tao, nagbibigay ng malakas na epekto sa buhay ng bawat tao lalo na ang mga negosyante; agad nitong nalalaman at naibibigay ang mga pangangailangan ng tao. Dagdag pa niya na ang CARD MRI ay nagbibigay ng magandang imahe ng Filipino na nagpapahalaga sa edukasyon.



*Lumagda ang CMDI at DOST sa isang kasunduan upang makatulong sa pagpapabuti ng kakayanan ng mga Pilipinong microentrepreneurs.*

Nangunguna at *coordinator* ng bansa ang DOST pagdating sa serbisyong pansiyentipiko at pamteknolohiya na nagbibigay ng kasiguraduhan na ang mga ito ay nagagamit para sa ekonomiya kung saan ay mabibigyan ng benepisyo ang sambayanan.

Ang presidente ng CMDI na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ay umaasa sa *partnership* na ito dahil sa makatutulong ito sa mga MEs ng CARD MRI na mas matuto at magkaroon nang mas maganda at mas pinagbuti na mga produkto. Idinagdag pa niya na ang ahensyang ito ng gobyero at ang CARD MRI ay mayroong parehong misyon sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng mga Filipino, kaya naman nakipagtulungan ang CMDI sa DOST upang makamit ang kanilang layunin na bigyang lakas ang mga Filipino MEs.

Ang CMDI ay isa sa mga miyembrong institusyon ng CARD MRI na sumusuporta sa layunin ng organisasyon sa pagbibigay lakas sa mga mahihirap na Filipino sa pamamagitan ng edukasyon at pagsasanay na inaalok sa mga kliyente nito at pamilya.

# Pagkakakitaan mula sa ‘walang pakinabang’

ni **JEFFREY TANDINGAN**

“Tinatawanan nila ako sa mga pinupulot kong dahon o bunga.”

Bata pa lamang si Trudencio “Martin” Orifiano, hilig na niya ang pagdidisenyo gamit ang mga abubot. Hindi man nakamit ni Martin ang kaniyang pangarap na maging isang arkitekto dala ng kahirapan, nagagamit naman niya ang kaniyang husay at talento sa kaniyang negosyo.

Isang simpleng magsasaka lamang ang kaniyang magulang sa Balaoan, La Union at dahil sa kahirapan ng buhay napilitan si Martin na makipagsapalaran sa Baguio sa edad na 13. Dito ay namasukan siya sa isang pagawaan ng mga alahas o mga burloloy na yari sa metal. Dahil sa naging trabaho, nasuportahan niya ang kaniyang pag-aaral hanggang sa ikatlong taon sa hayskul.

Marami ring naging karanasan at kaalaman si Martin sa kaniyang mga naging trabaho sa Baguio. Dahil sa husay sa pagdidisenyo ay binigyan siya ng oportunidad ng kaniyang mga pinasukan ng iba’t ibang klase ng pagsasanay upang mapaunlad ang kaalaman.

Nang makapagtrabaho siya sa isang kompanya na gumagawa ng mga kasangkapan sa bahay at mga produktong gumagamit ng mga natural na materyales sa Cebu, dito na mas nahasa ang kaniyang kakayahan bilang taga-disenyo. Si Martin ang bumubuo ng mga bagong disenyo sa kompanya. Ilan na ring disenyo niya ang nakilala tulad ng basket na yari sa balat ng mais.

Nang magsimula siya sa kaniyang negosyo, “Tinatawanan nila ako sa mga pinupulot kong dahon. Naaawa sila sa akin kapag nakikita nila akong naghuhugas ng mga buto o bunga ng punongkahoy,” pagbabalik-tanaw niya. Ang mga akalang walang pakinabang o mga patapong bagay ay binibigyang-buhay at kulay ni Martin upang mapagkakitaan.

Sampung taon na ang nakalipas noong siya ay umaakyat ng bundok, naghahanap, at namumulot ng mga materyales para sa mga gagawin niyang dekorasyon. “Lakas ng pangangatawan ang naging kapital ko noong nagsisimula pa lamang ako,” pagbabahagi ni Martin. Nangunguha siya ng baging, sari-saring dahon, bunga at buto ng punongkahoy.



*Mula sa mga gamit na maituturing na walang halaga ng ibang tao, lumilikha si Martin Orifiano ng mga kakaiba at magagandang dekorasyon.*

Dahil sa pagsusumikap at pagmamahal niya sa kaniyang ginagawa, mayroon na siya ngayong sampung manggagawa na pawang mga miyembro ng CARD. Maging si Martin ay dalawang taon ng miyembro ng CARD. “Malaki ang naitutulong ng CARD kasi nanghihiram ako para sa aking negosyo pero hindi ko namamalayang nakatapos na ako sa aking obligasyon. Hindi mabigat ang pagiging kasapi ng CARD,” aniya.

Mga kamag-anak at kapitbahay niya ang kaniyang mga manggagawa. Si Martin na rin ang tumutulong sa kanila upang matutuhan ang paggawa ng kaniyang mga disenyo. *Hands-on* siya sa kaniyang negosyo. Nagkaroon din siya ng iba’t ibang proyekto tulad ng pagdidisenyo sa loob ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA) noong nakaraang taon.

Nagdadala rin siya ng kaniyang mga materyales sa iba’t ibang indibiduwal, lokal na merkado, at kompanya kabilang na ang mga dati niyang pinagtrabahuhan. Kinukuha rin si Martin na tagapagdisenyo sa mga tahanan tuwing sasapit ang kapaskuhan.

Nagsisilbi na rin siya ngayong tagapanayam sa mga pagsasanay tungkol sa pangkabuhayan sa iba’t ibang bayan sa Norte. Matagumpay mang maituturing ngunit nanatili pa ring simple si Martin.

Ating pagyamanin ang talentong ibinigay sa atin. Anuman ito, siguradong magtatagumpay tayo kung ito ay ating gagamitin at palalaguin sa mabuting paraan.




## Pasasalamat

ni **DONNA RITA ESCARTIN***

Ako ay may kuwento, siguradong magugustuhan ninyo
Emosyon ko'y naghalo-halo dahil sa natupad na pangako
Kahilingan at pinangarap na makarating sa malayo
Taong nagbigay ng buhay, alay na magkasama di ako nabigo.

Masayang damdamin at ngiti sa kaniyang labi aking nasilayan
Sa ganda ng lugar at mainit na pagtanggap, sadyang di malilimutan
Magagandang lawa, museo, katedral, sa amin nagdagdag kaalaman
Sadyang kami ni Nanay, humanga sa lahat ng nasilayan.

**Graduate ng Financial Literacy Program ng CARD MRI OFW Foundation Hong Kong at nanalo sa CARD MRI Facebook page contest*



**Experience the JOY to work with people.**
**Live the PASSION to help people improve their lives.**
**Have the HEART to serve others.**

# JOIN US

and be part of more than 9000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of more than 3 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

## AVAILABLE POSITIONS:

> Account Officer
> Information Technology Officer
> Application Administrator
> Project Coordinator
> Executive Assistant
> Accounting Clerk
> Pharmacy Assistant
> Internal Auditor
> Teller
> Saving Officer
> Technical Writer
> Hardware Support Assistant

Please log in to http://www.cardmri.com/hrcareers/ and submit your application.

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

**CARD MRI**
CARD Mutually Reinforcing Institutions

# SIGURO o SEGURO?

ni **CRISTY ENRIQUEZ**

Noon, mayayaman lamang ang nakaseguro.

Ngayon, lahat ng mamamayan kaya ng magpaseguro.

Noon, mataas na halaga ng *premium* sa mga ahensya ay hindi makaya.

Ngayon, sa maliit na halaga ng *premium* ng *Microinsurance* ika'y nakaseguro na.

Noon, pangamba sa atin ang pagkakasakit, aksidente, mga delubyo, at kalamidad.

Ngayon, basta insured ka buhay at ari-arian ay nakaseguro na!

Noon, pagkalugi ng negosyo at pagkaubos ng ipon ay nangyayari sa pamilyang may yumao.

Ngayon, sa mga hindi inaasahang pangyayari *Microinsurance* ang aalalay at sasalo sayo.

Noon at ngayon ay sadyang magkaiba.

Ngunit kung may sapat na kaalaman ka maiiwasan mo ang pagdurusa.

Huwag ng mag-alinlangan pa, ang *Microinsurance* ay nandito na.

Tunay ngang kaligtasan mo at paglago ng iyong kabuhayan ay walang kasiguraduhan.

Ngunit kung nakaseguro ka benepisyo nito sayo'y siguradong-sigurado.

Kaya't huwag magpakasiguro, magpaseguro para mas panatag ang loob mo.


Magpaseguro para protektado!

MICRO INSURANCE

Kasunod nito sa mga Mga Likha ni Inay, kami ay pumasyal
Dito kami namangha pati na rin aming mga kasamahan
Magagandang produkto mga mata nami'y nasaksihan
Likha pala ito ng mga nanay, aming natuklasan.

Di kami makapaniwala, tuwa sa puso'y walang pagsidlan
Dahil sa lakbay-aral na aming pinuntahan
Karanasang di malilimutan handog ng CARD MRI
Kayo'y lubos naming pinasasalamatan!











For inquiries, please contact us at(049) 562-4309 local 108 or email us at cardmri.corpcomm@gmail.com/corpcomm@cardbankph.com

# *Wendy's windy journey:* noon ay utility, ngayon ay Account Officer

ni **RAFFY ANTES**



*Si Wendy Barnedo ay nagsimulang magtrabaho sa CARD bilang isang utility. Pinagtagumpayan niya ang mga pagsubok sa kaniyang buhay hanggang sa makamit ang kaniyang mga pangarap sa buhay.*

Ang mga pinagdaanan ni Wendilyn "Wendy" Barnedo ay hindi naging madali, pero siya ay nanatili sa kaniyang paglalakbay para lamang marating ang kaniyang nais paroonan. Walong taon na ang nakalilipas at hindi na niya maalala kung paano niya kinaya lahat ng hirap at sakit para sa pito pang miyembro ng pamilya nang magkaroon ng *nervous breakdown* ang pareho niyang magulang.

Inako niya ang lahat ng responsibilidad nang pag-aalaga sa kaniyang pamilya sa murang edad na 18. Kinailangan niyang tumanggap ng labada, maglako ng pagkain, at magbantay ng bata para lamang mairaos ang pang araw-araw nilang pangangailangan.

"Pero ang mga ito ay hindi naman regular. Mayroong mga araw na kami ay nagugutom," ani Wendy. Sa tulong ng kaniyang kapitbahay na miyembro ng CARD, nakapasok siya bilang *utility* sa isa sa mga sangay ng CARD sa lungsod ng Makati. Siya ay 18 taong gulang pa lamang noon at katatapos ng hayskul nang simulan niya ang kaniyang paglalakbay kasama ang CARD. Dahil sa kaniyang kita bilang *utility*, nagawa niyang makapagbigay sa kaniyang pamilya.

**MALAKING OPORTUNIDAD**

Makalipas ang isang taon, nagbitiw si Wendy bilang *utility* upang tuparin ang kaniyang pangarap – ang maging isa sa 10,931 pinakamatatag at tapat na kawani ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Ayon kay Wendy, nais niyang magtrabahong muli rito pero hindi na bilang isang *utility*.

Kumuha siya ng kursong Business Management noong 2006 sa tulong ng kaniyang nobyo na noong mga panahong iyon ay nagtatrabaho sa ibang bansa. Habang nag-aaral, nakahanap pa si Wendy ng oras upang magkaroon ng *part time job*. Pero hindi niya natapos ang kurso dahil naging mahirap para sa kanilang dalawa ng kaniyang nobyo na ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral at tustusan pa ito.

Ibinahagi ni Wendy ang isang araw na itinuturing niyang maswerte: ayon sa kaniya, isang kaibigan mula sa CARD ang nagsabi na tumatanggap na ang CARD ng *undergraduate students* na mayroong 72 yunit sa kolehiyo. Agad namang nag-apply si Wendy sa sangay ng CARD kung saan siya namasukan noon bilang *utility*.

Natanggap bilang Account Officer (AO) si Wendy na nagsimula naman agad sa kaniyang pagtatrabaho sa nasabing sangay. Ibinahagi ni Wendy na lahat ay nagbago sa opisina maliban na lamang sa mga kasangkapang dati niyang hinuhugasan noon.

**MGA UNANG KARANASAN**

Ikinuwento ni Wendy na lahat sa kaniyang buhay ay nagbago, salamat na lamang sa CARD. Ayon sa kaniya, mayroon na siyang iba't ibang seguro na inaalok ng CARD sa lahat ng empleyado, at dahil dito nararamdaman niya ang pagiging ligtas.

Sa panahon ding ito, naikasal si Wendy sa kaniyang nobyo. Bago pa ito, kinailangan niyang humarap sa isang mahirap na desisyon – nais ng kaniyang nobyo na iwan ang CARD dahil sa kaniyang trabaho rito. Pero hindi na niya kailangang pumili nang umuwi sa Pilipinas ang kaniyang kasintahan; nagseselos lang naman pala ito. Pero sinigurado ni Wendy na mahal niya ang kaniyang nobyo.

Nang maisilang ni Wendy ang kaniyang unang supling, kinailangan niya muling pumili sa pagitan ng CARD at ng kaniyang bagong panganak na sanggol. Pinayuhan din si Wendy ng kaniyang doktor na ibigay ang buong atensyon at pag-aalaga sa kaniyang anak dahil nasuri na mayroong *cerebral palsy.* Kahit na masakit ito para sa isang inang katulad niya, nagpapasalamat pa rin siya sa Panginoon at umaasa na magiging maayos din ang lahat.

Sa kabila ng mga pagsubok, nagpasiya si Wendy na manatili sa CARD at maglakbay sa loob ng dalawang oras papasok ng trabaho makasama lang ang kaniyang anak. "Mahal ko ang aking anak higit pa sa kahit anong bagay sa mundo, pero hindi ko naman kailangang isakripisyo ang aking trabaho dahil makatutulong naman ito sa pantustos sa aming mga pangangailangan," paglalahad ni Wendy. Ayon pa sa kaniya, hindi sapat ang sahod lamang ng kaniyang asawa sa pang araw-araw nilang pangangailangan.

Humarap man siya sa maraming suliranin, hindi pa rin niya nakalilimutan ang kaniyang mga kapatid at magulang na nagpapagaling pa rin mula sa *nervous breakdown*. Ayon sa kaniya, sinasabi niya sa kaniyang mga kapatid na kailangan din nilang magtrabaho. Mabuti na lamang at sila ay kumikita na mula sa iba't ibang trabahong napasukan. Dagdag pa ni Wendy na nagsimula nang magbago ang kanilang buhay nang magsimula silang kumita.

**PAG-ASA**

Umaasa si Wendy na magkakaroon pa siya nang mas maraming lakas upang matupad ang kaniyang mga layunin sa buhay. "Kailangan lamang na maging matatag sa pagharap sa mundo. Sumabay ka sa ihip ng hangin. Maaaring dalhin ka nito sa iba't ibang pagsubok, pero huwag mong kakalimutan na samantalahin ito. Higit sa lahat, maging bukas ka. Hanapin mo ang isang tao na maaari mong mapaglabasan ng lahat ng sakit sa buhay. Hindi ka ipinanganak upang buhating mag-isa ang lahat ng bigat. Ilabas ang mga ito at siguradong gagaan ang buhay mo at magpatuloy ka lamang sa iyong paglalakbay," pagtatapos ni Wendy.

Sa ngayon, si Wendy ay Account Officer 1 ng CARD, Inc. sa Muntinlupa. Ang AO 1 ang nagsisilbing *branch manager* kapag wala ang huli sa opisina. Siya ay mahigit anim na taon nang nagtatrabaho sa CARD at buong pusong naglilingkod hindi lamang upang matulungan ang kaniyang pamilya kundi upang makatulong din sa mga *microentrepreneur* sa bansa.

